المنهج التعليمي للمسلمين الجدد

بخاري طاهر

(1)

# PANGUNAHING ARALIN PARA SA BAGONG MUSLIM

Ni
Bukhare Taher

الـفـهـرس
# Talaan ng mga nilalaman


| Paksa / الموضوع |
|---|
| ماذا يعنى الدخول في الإسلام؟<br>Ano ang ibig sabihin ng pgtanggap sa Islam? |
| كيفية الوضوء + المسح على الجوربين + التيمم<br>Paghuhugas/ Pagpunas ng Medyas/ Tayammum |
| مبطلات الوضوء + الغسل<br>Makakasira ng Wudhu / Ang pagliligo |
| الصلاة تعريفها + شروط صحتها<br>Ang Salah / Mga kundisyon ng Salah |
| كيفية الصلاة 4/3/2 ركعات + نواقض الصلاة<br>Paraan ng pgdarasal/ Mga makakasira ng Salah |
| تعليم سورة الفاتحة / الإخلاص/ الناس وحفظها<br>Kabanata Fatiha/Al Ikhlas/ An Nas/ An Falaq… |
| قضاء الصلاة + المسبوق في الصلاة<br>Pagpapalit ng Salah/ Ang nahuli sa Salah |
| صلاة المسافر+ صلاة المريض<br>Salah ng naglalakbay/ Salah ng may sakit |
| التوحيد وانواعه<br>Kaisahan ng Allah at mga uri nito |
| شرح اركان الاسلام<br>Mga haligi ng Islam |
| شرح اركان الايمان<br>Mga haligi ng paniniwala |
| العبادة تعريفها + الإخلاص والمتابعة<br>Ang pagsamba/ Bukal sa loob & Pagsunod. |
| نواقض الإسلام<br>Mga nagpapawalng-bisa ng Islam |
| دين الأنبياء<br>Relihion ng mga Propeta |
| الابتلاء + الصبر<br>Ang mga passbook + Ang pagtitiis |
| وسائل الثبات<br>Mga paraan ng pagpapakatatag |
| الهدف من الحياة<br>Ang layunin ng Buhay |
| عقيدة المسلم في عيسى المسيح<br>Paniniwala ng Muslim kay Hesus |
| ملخص دعوة المسيح الى الإسلام في القرآن والانجيل<br>Paghihikayat ni Hesuss a Islam sa Qur'an & Biblia …. |
| شرح السبع الموبقات<br>Ang pitong nakakapinsalang kasalanan |

(1)

## ماذا يعني الاعتناق إلى الإسلام؟
## Ano ang ibig sabihin ng pagtanggap sa Islam

Ang ibig sabihin ng pagtanggap sa Islam ay ang pagpapasakop sa kagustuhan ng dakilang Allah, at paniniwala sa kanyang Sugo. Hindi sapat ang pagtanggap sa Islam na maniwala lamang na mayroong iisang tunay na Dios at si Muhammad ay Sugo ng Dios, bagkus, ang tunay na pagtanggap at paniniwala ay mula sa puso na mayroong kaakibat na pag-gawa sa mga tuntunin ng Islam. Ang mga taong mapagkunwari ay naniniwala sila na mayroong talagang Dios subalit hindi nila itinatguyod ang mga tungkulin para sa Dios 'Allah'. Sinabi ng Allah: [Sabihin mo, O Muhammad sa kanila na mga mapagkunwari at sa mga katulad nila: “Gawin na ninyo ang anumang nais ninyong gawin! Walang pag aalinlangang makikita ng Allah ang inyong mga gawa at (gayundin) ang Kanyang Sugo at ang mga mananampalataya, at lilitaw at lilitaw ang katotohanan hinggil sa inyo. At walang pag-aalinlangan, na kayo ay babalik sa Araw ng Muling Pagkabuhay tungo sa Kanya na Ganap na Nakaaalam ng inyong inilihim at inyong inilantad, at isasalaysay sa inyo ang anuman na inyong nagawa].
Ang pagtanggap sa Islam ay hindi ibig sabihing pumasok sa panibagong Relihion kundi maituturing lamang na bumalik sa dating likas na paniniwala sa Dios simula pa ng pagkasilang, na ito yung Isalam na Minsan ay nawawala lamang ito sa tao dahil sa nakamulatan niyang kakaibang paniniwala ng mga magulang na kanyang nasunod. Kaya, tinatawag na Balik Islam ang mga nagsisisyakap sa Islam at sila ay maituturing na mga Muslim, Ang Islam at Muslim ay mga katagang arabik na ito ang kahulugan ; Ang Islam ay ang pagpapasakop sa kagustuhan ng Dios, Ang Muslim naman ay iyan ang tawag sa taong tinanggap niya ang Islam – nagpapasakop sa kagustuhan ng Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang ipinag utos at pag-iwas sa ipinagbawal.
Samakatuwid**,** Ang pagiging muslim ay hind sa pamamagitan ng pangalan, tribo, bansa, kahit kalahi man o kamag anak ng Propeta ng Allah ang isang tao, kung hindi niya tatanggapin ang Allah at ang kanyang sugo ay hindi siya maituturing na muslim o mananampalataya**.**

Malaki ang pakinabang na makukuha sa pagpasok sa Islam, kung isasabuhay ang pagiging Muslim ay mararamdaman ng tao na siya ay nasa ilalim ng isa sa mga pangunahing katotohanan ng buhay na kung saan, nagkaroon siya ng tunay na relasyon sa tagapaglikga-Allah- na nagreresulta ito sa katahimikan at kapayapaan ng loob, dahil ang katagang 'Islam', ay nagmula sa salitang ugat na "Salam" na nagsasaad ng kapayapaan, seguridad at kaligtasan. Ang katagang Salam ay kabilang sa mga pangalan ng dakilang Allah, Kapag ang tao ay nagpapasakop sa kagustuhan ng Allah, tiyak na makakaranas siya ng likas na seguridad at kapayapaan. Ang perpektong kaligayahan ay umiiral lamang sa Paraiso sa huling araw, doon natin matatagpuan ang lubusang kapayapaan, katahimikan at wala ng dapat ipangamba, ikatakot at ikabalisa.

Ang pagtanggap ng Islam ay nagpapalaya sa tao mula sa pagka-alipin mula sa mga sistema ng maling pamumuhay at pananampalatayang gawa-gawa lamang ng tao, at pinapalaya nito ang kaluluwa mula sa kasalanan at katiwalian … Ang pagpasok sa Islam ay nagpapahintulot sa isang tao na makamit ang pagmamahal ng Allah sa pamamagitan ng kanyang gabay sa buhay, Ang pag ibig ng Allah sa tao ay naka salalay sa paniniwala at pagsunod sa kanyang Sugo, sapagkat lahat ng mga tuntunin ng Islam ay mula sa Allah na ipinarating sa kanyang sugo. Ang relihiong Islam ay siya ang daan tungo sa tamang pamumuhay dito sa mundo at sa kabilang buhay, hindi matutuklasan ng sinumang tao ang tunay na daan at katutuhanan para sa Allah kundi sa pamamagitan ng kanyang Sugo, kaya ang pag ibig ng Allah sa tao ay nagdedependi sa paniniwala sa kanyang Sugo. Sinabi ng Allah: [Sabihin mo sa kanila O Muhammad: "Kung tunay ngang kayo ay nagmamahal sa Allah, magkagayon ako ay Inyong sundin, at kayo ay mamahalin ng Allah at Kanyang patatawarin ang inyong mga kasalanan. At ang Allah ay Mapagpatawad, Ang Pinaka Maawain].

Ang pagtanggap sa Islam ay wala sapilitan, Sa Islam ay malinaw ang katutuhanan at malinaw rin ang mga kamalian, kapag naipaliwanag na sa tao ang katutuhanan para sa Allah ay malaya siyang sumunod o tumanggi, subalit ang Allah ay nagbabala rin sa mga taong mas pinili ang kamlian kaysa katutuhanan.

Sinabi ng Allah: [Sabihin mo sa kanila na mga nakalimot O Muhammad: Anuman ang dala-dala ko sa inyo ay katotohanan na nagmula sa inyong panginoong Dios, na kung kaya, ang sinumang magnais sa inyo na maniwala dito, ay hayaan niyang gawin ito sapagka't ito ang makabubuti para sa kanya, at sinuman ang magnais na tumanggi ay hayaan niyang tanggihan ito, dahil wala siyang dinaya kundi ang kanya sarili. Katiyakan, inihanda Namin para sa mga di-naniwala at tumanggi ang Apoy na ang mga haligi nito (na gawa rin sa Apoy) ang nakapalibot sa kanila. At kapag sila na mga walang pananampalataya na nasa Impiyerno ay humingi ng saklolo na hihingi ng tubig dahil sa tindi ng kanilang pagkauhaw, ay pagkakalooban sila ng tubig na parang mantika sa pagkakakulo nito at sa tindi ng init ay malalapnos ang kanilang mga mukha. napakasamang inumin na hindi man lamang napawi ang kanilang uhaw sa halip ito ay naragdagan pa, at napakasamang Impiyerno na kanilang tinutuluyan na doon sila ay mananatili magpakailanman].

At dito sa talatang ito ay bilang paghamon at matinding babala sa sinumang tumanggi sa katotohanan at di-naniwala sa mensahe ni Propeta at Sugo na si Muhammad (saw).

Kabilang sa mga bunga ng pagpasok sa Islam ay ipinangako ng Allah ang Paraiso sa mga tunay na mananampalataya. Ang Paraiso, tulad ng pagkakalarawan sa maraming mga talata sa Quran, ito ay lugar ng walang hanggang kasiyahan at ito ay ipinangako sa mga tunay na mananampalataya. ipadama ng Allah ang kanyang habag sa mga tunay na naniniwala sa pamamagitan ng pagbibigay gantimpala sa kanila ng Paraiso. Sinabi ng Allah: [ Katiyakan, yaong naniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga mabubuting gawa, ang para sa kanila ay dakilang gantimpala, at kailanman ay hindi Namin pahihintulutang mabalewala ang kanilang gantimpala, at hindi Namin binabawasan mula sa anuman na karapat-dapat ang kabutihan na kanilang nagawa…...].

Kabilang din sa bunga ng pagpasok sa Islam ay ang kaligayahan, katahimikan at kapayapaan ng loob. Ang katagang 'Islam', ay nagmula sa salitang ugat na "Salam" na nagsasaad ng kapayapaan, seguridad at kaligtasan. Ang katagang Salam ay kabilang sa mga pangalan ng dakilang Allah, Kapag ang tao ay nagpapasakop sa kagustuhan ng Allah, tiyak na makakaranas siya ng likas na seguridad at kapayapaan. Ang perpektong kaligayahan ay umiiral lamang sa Paraiso sa huling araw, doon natin matatagpuan ang lubusang kapayapaan, katahimikan at wala ng dapat ipangamba, ikatakot at ikabalisa.

---

**(3)**

## كيفية الوضوء
## Paraan ng paghuhugas bago isasagawa ang Salah "pagdarasal".

Bago isasagawa ang Dasal (salah), kailangang ang wastong paraan ng paghuhugas (*Wudhu*) ito ay ang paghuhugas sa ilang bahagi ng katawan, kabilang sa mga kondisyon upang maging balido ang Salah 'dasal' ay ang pagkakaroong ng wudhu o 'paghuhugas'.  Ang Paraan ng paghuhugas ay katuald ng mga sumusunod:


**1)** Nararapat na magkaroon ng wastong intensiyon o layunin sa sarili na magsagawa ng paghuhugas.

**2)** Banggitin ang Bismillah (Sa ngalan ng Allah)

**3)** Hugasan ang dalawang kamay hanggang sa pulso ng tatlong ulit. Tiyaking ang lahat ng bahagi, pati na ang pagitan ng mga daliri, ay mabasa ng tubig.




**4)** Magsahod ng tubig sa kanang kamay at magmumog ng tatlong ulit.



**5)** Hugasan ang ilong sa pamamagitan ng mahinang pagsinghot ng tubig at pagkatapos ay isinga. Gawin ito ng tatlong ulit.





**6)** Hugasan ang buong mukha, Ang mukha ay sa pagitan ng dalawang tainga, nuo hanggang baba pababa (kasama ang balbas) ng tatlong ulit.



**7)** Hugasan ang kamay, braso hangang siko, kanan muna bago ang kaliwa ng tatlong ulit.



**8)** Haplusin ng basang mga kamay ang ulo mula sa nuo hanggang batok at pabalik ng isang beses lamang, at ituloy ang paghaplos para sa paglinis ng magkabilang tainga ng basang hintuturo habang ang hinlalaki ay hinahagod ang likuran ng tainga.

**9)** Hugasan ang magkabilang paa hanggang bukong-bukong, kanan muna bago ang kaliwa, at tiyaking mabasa ang lahat ng bahagi pati na ang pagitan ng mga daliri.



**Paala-ala:**

Tiyakin na madadaluyan ng tubig ang lahat ng parti ng katawan na hinuhugasan….Pagkatapos ng paghuhugas, mainam na bigkasin ang mga katagang ito:

[Ash-hadu an la ilaha illallaah, Wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu warasuluh ] at mainam din idugtong ito: – Allahummaj alni minattawwabeen, Waj'alni minal mutatahhireen].

Ang kahulugan:

(Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo)- O Allah! Gawin mo akong isa sa mga nagsisisi sa mga pagkakamali at naglilinis ng kanilang mga sarili.

## مبطلات الوضوء
## Mga nagpapawalang-bisa ng Wudhu "paghuhugas".

Ang ibig sabihin ng mga nagpapawalang-bisa sa paghuhugas ay ito yung mga bagay na, kung mangyari sa isang taong naghugas, ay mawawalan ng bisa o saysay ang kanyang ginawang paghugas, at sa gayon ang kanilang isasagawang salah (pagdarasal) ay wala ring bisa o saysay hangga't hindi sila muling maghuhugas (wudhu), Ang mga nagpapawalang-bisa sa paghuhugas ay dahil sa mga maliliit lamang na karumihan tuald halimbawa ng pag-ihi, dumi etc…. Subalit, kung ang dahilan ng pagkawala ng bisa ay dahil sa mga bagay na nangagailangan ng pagligo tulad ng sekswal na karumihan, o di kaya ay nangyari ito sa pamamagitan ng panaginip at iba pa, ay mas matindi ito kaysa sa simpleng pagpapawalang-bisa paghuhugas, dahil kailangan talaga na maligo, dahil hindi sapat ang mag- wudhu lamanng- o maghugas.

**Mga nagpapawalang-bisa ng paghuhugas:**

(1) Ang lumalabas sa dalawang butas: Ito ay tulad ng ihi, dumi, hangin, Gayundin ang "Madhi at Wadie" Ang **Madhi**: ay malapot at malinaw na puting likido na lumalabas ito sa ari kapag ang isang tao ay nakakaramdam ng seksuwal na pagnanasa, tulad ng pag-iisip o Maaari itong lumabas nang hindi namamalayan. Ang **Wadi** naman: Ay makapal at maputi-puting likido na kadalasan ay lumalabas ito pagkatapos umihi, o minsan bago umihi, o kapag ang isang tao ay napapagod o nagbubuhat ng mabibigat na bagay etc....

(2) Mahimbing na Pagtulog: Ang pagtulog kung saan ang isang tao ay nawalan ng malay, o wala na siyang maramdaman kung may lumalabas ba sa kanya kagaya ng hangin o likodo at iba pa..

(3) Pagkawala ng malay: Ito ay minsan'y dahil sa pagkahimatay, subarang pagkahilo, kumpletong kawalan ng pakiramdam, pagkabaliw o mga katulad nito, dahil ang isang taong nawalan ng malay ay hindi alam kung may anumang bagay na lumabas sa kanyang katawan o wala, at ang pagkawala ng malay ay mas malala kaysa sa pagtulog.

(4) Pagkain ng Karne ng Kamelyo: Ang pagkain ng karne ng kamelyo ay nagpapawalang-bisa sa paghuhugas ayon sa Hadith Propeta Muhammad (saw): [Tinanong ang Propeta (saw): "Dapat ba tayong mag-huhugas pagkatapos kumain ng karne ng kamelyo? "Sumagot siya: "Oo, mag-huhugas pagkatapos kumain ng karne ng kamelyo." Pagkatapos ay tinanong siya ulit: "Dapat ba tayong mag-huhugas pagkatapos kumain ng karne ng tupa?" Sumagot siya: "Kung gusto mo, ay mag-hugas ka, at kung nais mong hindi, ay huwag kang maghugas".

(5) Paghawak sa mga pribadong bahagi ng katawan: Mayroon mula sa mga pantas ng Islam na itinuring nila ang paghawak sa ari na walang harang ay nagpapawalang-bisa sa paghuhugas, Ito ay batay sa sinabi ng Propeta: [Sinumang humawak sa kanyang ari ay dapat magsagawa siya ng paghuhugas].

---

## المسح على الخفين
## Ang Pagpupunas sa mga Medyas

Ang mga sumusunod na kondisyon ay kinakailangang maisagawa upang maging katanggap-tanggap ang pagpupunas sa medyas:

(1) Kailangan'y isuot ang mga medyas matapos ang naunang pagsasagawa ng buong Wudhu o paghuhugas ng tubig na kasama ang paa.

(2) Malinis ang isinuot na medyas.

(3) Ang medyas ay dapat natatakpan ang buong paa kasama ang bukong-bukong.

(4) Maaari lamang punasan ang medyas sa loob ng panahon na pinapayagan na gawin ito.
(5) Huwag tanggalin ang medyas kung nasira ang *wudu* mula sa mga maliliit na karumihan para maging balido itong punasan hanggang di matapos ang takdang limit.

**Ang Takdang limit sa Pagpupunas sa mga Medyas:**

Kung ikaw ay hindi naglalakbay, maaari mong punasan ang iyong mga medyas sa loob ng dalawampu't apat na oras. Kung ikaw naman ay naglalakbay, maaari mo itong punasan sa loob ng tatlong araw, kapag matapos ang takdang limit, kailangan nang tanggalin ang mga medyas at maghugas ng tubig kasama ang mga paa.

Ayon kay Shaikul Islam Ibn Taimiyyah at Shaikh Othaimeen; Kung ikaw ay mayroong *wudoo* sa pagtatapos ng takdang panahon sa limit ng pagpupunas ng medyas ay hindi kailangan mag-wudhu 'hugas' hanggang sa ito ay mawalan ng bisa. Ang limit na 24 oras para sa hindi naglalakbay / at 72 oras sa naglalakbay ay nagsisimula sa unang pagpunas ng mga medyas hindi sa pasusuot ng medyas.
Ang mga nakakasira sa bisa ng karaniwang *wudhu* ay nakakasira din sa bisa ng pagpupunas ng medyas. Halimbawa: Ang pagtulog ng pahimbing ay nakasisira ng *wudoo*, subalit ang basang panaginip (wet dream) ay nangangailangan ng paliligo. Ang pagpupunas ng mga medyas ay hindi sapilitan, kahit na sa mga naglalakbay, at ang patakaran ng pagpupunas ay saklaw niya parehong lalake at babae.

**Pamamaraan:**
Ang pamamaraan ng pagpupunas ng mga medyas ay ang pagpahid ng basang kamay sa ibabaw ng mga medyas. Ang talampakang bahagi ng medyas ay hindi na pinupunasan.

## التيمم
## AT-TAYAMMUM
(Pagpapakadalisay sa pamamagitan ng malinis na lupa/alikabok na malinis)

May mga pagkakataon na ang paggamit ng tubig ay imposible o mapanganib kagaya ng kawalan ng tubig o di kaya ay may tubig pro sapat lamang na inumin, o sa pagluluto ng pagkain, o di kaya'y ang paggamit nito ay maaaring magpalala ng karamdaman, o masyadong malamig na walang gamit na pampainit etc..
Ang Tayammum ay isinasagawa bilang kapalit ng tubig sa pagsasagawa ng Ghusl "pagpapaligo" at Wudhu "paghuhugas bago magdasal" Ipinahintuloy ng Islam ang paggamit ng malinis na lupa o alikabok. Tulad ng naka saad sa banal na Qur'an: […. at kung hindi kayo makatagpo ng tubig, gumamit ng malinis na lupa at ihaplos sa mukha at kamay. Hindi nais ng Allah na kayo ay pahihirapan, bagkus nais Niyang padalisayin kayo at gawing lubos ang tulong Niya sa inyo upang kayo'y maging mapagpasalamat]. 5:6.

**Ang paraan ng pagsasagawa ng-Tayammum:**
1) Intensyon o layunin: Nararapat lamang na magkaroon ng tamang intensiyon o layunin sa sarili na magsagawa ng Tayammum upang maging Dalisay. at bigkasin ang "Bismillah" (Sa Ngalan ng Allah).
2) Idampi ng isang beses lang ang dalawang palad sa buhangin o sa anumang bagay na may buhangin o alikabok tulad ng dingding o bato at iba pa, at hipan ang sobrang alikabok na dumikit sa mga palad.
3) Ihaplos ng minsan ang mga palad sa mukha.

4) Pagkatapos ay iIhaplos ng minsan ang kaliwang palad sa itaas ng kanang kamay hanggang sa may pulso at pagkatapos ay ihaplos naman ang kanang palad sa itaas ng kaliwang kamay hanggang sa may pulso.

Pagakatapos ay mainam na bigkasin ang sumusunod:

**[Ash-hadu an la ilaha illallaah, Wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu warasuluh ] at mainam din idugtong ito: – Allahummaj alni minattawwabeen, Waj'alni minal mutatahhireen].**

Ang kahulugan:

(Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo)- O Allah! Gawin mo akong isa sa mga nagsisisi sa mga pagkakamali at naglilinis ng kanilang mga sarili.

Ang pamamaraan ng tayammun ay ayon sa itinuro ng Propeta Muhammad (saws), sa isa sa kanyang mga kasamahan, Sinabi niya: [Sapat na gawin ang katulad nito: Kanyang idinampi ang dalawang palad sa lupa, hinipan ang mga subrang alikabok na dumikit sa mga palad at inihaplos sa kanyang mukha at sa itaas ng bawa't kamay 'hanggang sa pulso lamang'].

---

## الغسل
## (Ang pagliligo ng buong katawan)

Ang Pagliligo ay isang pagpapakadalisay na dapat gawin kapag ang sinuman ay narumihan halimbawa sa pamamagitan ng pagdurugo ng kababaihan dahil sa panganganak o di kaya ay regla, kapag tiyak na natapos na o huminto na ang pagdurugo ay kailangang maligo, Gayundin para sa lakai o babae ang paglabas ng semilya sa pamamagitan ng panaginip, o pakikipagtalik sa asawa etc..

**Paraan ng pagliligo:**

Ang 'sunnah' o mainam na mga paraan ng Ghusl "pagliligo" ay ang mga sumusunod:

1) Unang-una, nararapat na magkaroon ng tamang intensiyon o layunin sa sarili na magsagawa ng pagliligo para maging malinis.
2) Hugasan ang mga kamay.
3) Hugasan ang maselang (pribadong) bahagi ng katawan. Gamitin ang kaliwang kamay.
4) Isagawa ang mga paraan ng 'Wudhu' kagaya ng paghuhugas bago magdasal maliban sa paa.
5) Buhusan ng tubig ang ulo ng tatlong ulit habang hinahagod ang buhok upang umabot ang tubig sa anit.
6) Buhusan ang buong katawan, kanang bahagi muna bago ang kaliwa, at tiyakin na mahugasan ang lahat ng bahagi ng katawan gaya ng kilikili, tainga, pusod at iba pa.
7) At ang panghuli ay ang paglayo ng kaunti mula sa iyong kinatatayuan (upang maiwasang matalamsikan ng pinaghugasang tubig) at hugasan ang mga paa, kanan muna bago kaliwa.
8) Wakasan ang rituwal na ito sa pagbanggit ng pagbigkas ng Shahadah kagaya sa Wudhu.

Bukod pa sa mga nabanggit na pagliligo, at sa araw araw na normal na pagliligo ay mayroong din mga okasyon o mga araw na mainam ang magsagawa ng pagliligo, katulad halimbawa ng:

a- Bago pumunta sa Mosque tuwing araw ng biyernes (para sa dasal ng Jum'ah).
b- Bago pumunta sa Salaah tuwing araw ng Eidul Fitr at Eidul-Adha.
c- Sinumang naghugas ng patay na tao.
d- Bago mag-suot ng Ihram (para sa Hajj o Umrah).
e- Mainam ding isagawa ito ng taong yumakap sa Islam.

---

## الصــــــلاة / تعريفها وأوقاتها
## Ang pagdarasal

Ang ibig sabihin ng Salah "pagdarasal" sa literal ay: Du'aa (Pnalangin).
Sa Terminolohiyang Islamiko: Ang Salah "pagdarasal" ay mga salita at kilos na magsisimula sa pagbigkas ng Allahu Akbar "pinaka dakila ang Allah" at magtatapos sa pagbigkas ng Tasleem o Assalamo alaikom warahmatullah wabarakatuh " Sumainyo ang kapayapaan at pagpapala ng Allah".

Ang mga binibigkas sa pagdarasal (salah) ay katagang arabik, at para maunawaan lamang ang mga kahulugan ng mga binibigkas sa pagdarasal ay sinikap natin na maipaliwanag dito ang mga kahulugan niya , **Subalit, Tandaan**, ang binibigkas lamang kapag magdarasal ay yung katagang arabik at hinding hindi maaring ang kahulugan niya ang binibigkas kahit ano pa ang iyong nasyonalidad o lengguwahe, Sinabi ng Propeta Muhammad (saw): [Magdasal kayo sa pamamaraang ng nakita ninyong ako'y nagdarasal].

Ang bilang ng mga obligadong dasal ay binubuo sa limang mga dasal, Maari lamang isasagawa ang bawat dasal kapag sumapit na ang takdang oras nito, Ang pangalan ng bawat dasal at mga takdang oras nito ay katulad ng mga sumusunod:

(1) Dasal ng **MAGRIB:** Ito ay binubuo sa tatlong Rak`ah (yunit-o tatlong beses maka tayo), Ang takdang oras nito ay magsisimula sa paglubog ng araw hanggang sa takip-silim.
(2) Ang Dasal ng **EISHA:** Ito ay binubuo sa apat na Rak`ah (yunit), Ang takdang oras nito ay magsisimula sa takip-silim hanggang sa kalagitnaan ng gabi, at maaari ring isagawa ito bago sumapit ang dasal ng **Faj'r** sa madaling araw kung may sapat na dahilan ng pagka-antala nito.
(3) Dasal ng **DUH'R:** Ito ay binubuo sa apat na Rak`ah (yunit), Ang takdang oras nito ay magsisimula sa paglihis kunti ng araw mula sa tanghaling tapat hanggang sa pinakahuling bahagi ng tanghali,na "ito ay kapag ang anino ng isang bagay ay tulad ng haba ito".
(4) Dasal ng **AS'R:** Ito ay binubuo sa apat na Rak`ah (yunit), Ang takdang oras nito ay magsisimula sa paglipas ng oras ng dasal ng **Duh'r**, na "ito ay kapag ang anino ng isang bagay ay maging kaparehas nito sa sukat″ hanggang sa paglubog ng araw.
(5) Dasal ng **FAJ'R:** Ito ay binubuo sa dalawang Rak`ah o (yunit), Ang takdang oras nito ay magsisimula sa madaling araw (bukang liwayway), hanggang sa pagsikat ng araw.

Sa panahon ngayon ay madali lamang malalaman ang mga oras ng dasal, dahil halos lahat ng lugar ay mayroong Mosque, na tuwing sumapit ang oras ng bawat dasal ay maririnig ang panawagan para sa pagdarasal (azan), o di kaya ay magtanong lamang sa mga kakilalang Muslim tungkol sa oras ng Dasal.

==========================================

### شروط صحة الصلاة
### Mga kondisyon ng pgdarasal 'Salah'.

Bago simulan ang pagdarasal, kailangan munang matiyak ang mga sumusunod:

1. **Islam:** Ang magsasawawa ng dasal ay dapat isang Muslim- Ang pagdrasal ng hindi Muslim ay hindi rin tatanggapin.
2. **Nasa tamang gulang:** Hindi oglegado ang bata (pero walang masama na sanayin siya sa pagdarasal)
3. **Tama ang Pag-iisip:** Kahit nasa tamang edad kung may diperensya sa pag iisip o walang kakayahang umunawa ay hindi siya oblegado sa pagdarasal.
4. **Kalinisan (Taharah):** Malinis ang katawan, damit, at lugar na pinagdarasalan.
5. **Paghuhugas:** Dapat isagawa ang 'Wudhu' paghuhugas.

6. **Takdang Oras:** Ang bawat dasal ay ginagawa sa itinakdang oras nito.
7. **Pagtatakip ng Masilang bahagi ng katawan:** Ito ay ang pagsusuot ng angkop na kasuotan na nagtatakip sa nakatakdang bahagi ng katawan.
8. **Intensyon**: Dapat tama ang layunin sa pagsasagawa ng dasal (salah).
9. **Naka harap sa Quiblah:** Nakaharap sa direksyon ng Kaaba sa Mecca.

---

## كيفية الصلاة الثلاثية ( صلاة المغرب)

## Paraan ng dasal na tatlong Rak'ah tulad ng Magrib

**(A) Dasal ng Magrib.**





(1) Tumayo nang matuwid para sa pagdarasal at isapuso ang isinasawanag dasal.
2) Bigkasin ang Takbeeratul Ihram o [Allahu Akbar] *Ang kahulugan: Ang Allah ay pinaka Dakila.* habang itinataas ang dalawang kamay hanggang sa tapat ng mga balikat, katulad ng nasa larawan….
(3) Pagkatapos mabigkas ang **'Allahu Akbar'**, ipatong ang mga kamay sa dibdib na naka patong sa ibabaw ng kaliwang kamay ang kanang kamay (katuald ng nasa larawan).

(4) Habang naka tayo, Bigkasin ng tahimik ang pambungad na panalangin tulad ng:

- **[Subhanakallahumma wabihamdik, watabaarakasmuk, wata`aalaa jadduk, wala ilaaha gayruk]** Kahulugan*: (O Allah, ang luwalhati at pagpupuri ay sa iyo, purihin ang Iyong pangalan, kataas-taasan ang Iyong karangalan, walang ibang Diyos bukod pa sa Iyo).*
- Isunod na bigkasin ito**: [Awudhu billahi minash-shaytanir-rajeem]** *Kahulugan: (Ako ay nagpapakupkop sa Allah laban kay Satanas na isinumpa),* At isunod din ang**:** [Bismillahir-rahmaanir- raheem ] *Kahulugan: (Sa Ngalan ng Allah, ang Maawain ang Mahabagin).*
- At isunod na bigkasin ay ang Kabanata Al-Fatihah,tulad ng :
  **[Al-hamdu lillahi Rabbil Aalameen, Arrahmanir-raheem, Maliki yaumiddeen, Iyyaka na'budo, wa iyyaka nas-ta'een, Ihdinassiratal mustaqeem, siratallazeena an'amta alayhim, gayril magdhoubi `alihim waladdhaalleen]** Ameen

*Kahulugan: Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allah na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang..– Ang maawain, ang mahabagin, Bukod-Tanging Nagmamay-ari at Mangangasiwa sa Araw ng Muling Pagkabuhay, Ikaw lamang ang aming sinasamba, at Ikaw lamang ang aming hihingian ng tulong, gabayan mo po kami patungo sa Matuwid na Landas, na landas ng mga pinagkalooban Mo ng biyaya at pinagpala.. at hindi daan ng mga isinumpa mo, sila yaong mga nakaaalam ng katotohanan subali't ito ay kanilang tinanggihan , Ganoon din ang mga naliga.*

- At bumigkas ng anumang alam na ibang kabanata o talata mula sa Qur'an, tulad halimbawa ng: **[Qul Huwallahu ahad, Allahus samad, Lam yalid, walam youlad, walam yakon lahu kufuwan ahad ]** *Kahulugan: (Sabihin mo, O Muhammad, Siya ang Allah ay Bukod-Tanging nag-iisang Dios, inaasahan ng Kanyang mga nilikha sa lahat ng kanilang pangangailangan, Kailanman ay hindi Siya nagkaroon ng anak at hindi Siya ipinanganak, At walang maihahalintulad sa Kanya.*

**PAALA-ALA**: Itong talata na binabasa pagkatapos mabigkas ang kabanata Al Fatiha ay maaari ding magbigkas ng kahit anumang kabanata o talata mula sa Qur'an.



(4) Bigkasin ang **[Allahu Akbar]** at yumuko, habang naka yuko, bigkasin ang: **[Subhaana rabbiyal adheem-3x]** *kahulugan: (Kaluwalhatian sa aking Panginoon,ana Pinakadakila)*





(5) Tumayo habang binibigkas ang **[Samiallahu liman hamidah]** *ang kahulugan: Dinidinig ng Allah ang sinuman na nagpupuri sa Kanya.* at isnunod bigkasin habang naka taas ang mga kamay ang **[Rabbanaa walakal hamdu].** *Kahulugan: (Aming Panginoon dios, sa Inyo po lamang nauukol ang pagpupuri).* At ipatong ulit ang mga kamay sa dibdib.



(6) Bigkasin ang **[Allahu Akbar]** at magpatirapa (susbsob), *"Ang pinaka wastong pagpatirapa ay sa pamamagitan ng paglapat sa lapago ng pitong bahagi ng katawan Ang nuo kasama ng ilong, ang mga palad ng kamay, ang dalawang tuhod, at ang dalawang paa ay nakasayad sa lapag ang mga dulo ng daliri."* At habang naka patirapa bigkasin ang: **[Subhaana rabbiyal A'la3x].** *kahulugan: (Kaluwalhatian sa aking Panginoon, ang Kataas-taasan)*



(7) Bigkasin ang **[Allahu Akbar]** at maupo mula sa pagpapatirapa, Bigkasin habang naka-upo nang pansamantala ang **[Rabbigfirly 3x]** *ang kahulugan: (Panginoon ko, Patawarin po ninyo Ako).*



(8) Bigkasin ulit ang **[Allahu Akbar]** at muling magpatirapa, at bigkasin din ulit habang nakapatirapa ang **[Subhaana rabbiyal A'la 3x].** *ang kahulugan: (Panginoon ko, Patawarin po ninyo Ako).*



(9) Bigkasin ang **[Allahu Akbar]** at tumayo mula sa ikalawang pagkakapatirapa upang isagawa ang pangalawang rak'ah o (yunit).

**PAALA-ALA:**

Para sa pangalawang rak'ah o (yunit), ay gagayahin lamang ang mga hakbang na ginawa sa unang rak'aha (yunit) simula lamang sa pagbigkas ng kabanata Al Fatiha hanggang sa matapos ang pangalwang pagpapatirapa**..,**Tingnan ang mga hakbang sa pahina 8 ( No.3 hanggang 8).



(10) Pagkatapos ng pangalawang pagpapatirapa sa ikalawang Rak`ah o (yunit) bigkasin ang **[Allahu Akbar]** at maupo upang isagawa ang unang Tashahhud. Ang unang Tshahhud ay katulad ng pagbigkas ng:

**[Attahiyyatu lillah, wassalawatu wattayyibat, Assalaamu alaika ayyuhannabeyo warahmatullahi wabarakatuh. Assalaamu alaina wa ala ibaadillahis saliheen. Ash'hadu allaa ilaha illallah, wa ashhadu anna Muhammadan Rasulullah].**

*Ang kahulugan: Ang mga pagbati, mga dasal, at mga mabubuti ay sa Allah lamang. Suma iyo ang kapayapaan, O Propeta at gayon din ang habag at mga pagpapala ng Allah. Ang kapayapaan ay mapasa amin at ganundin sa mga matutuwid na lingkod ng Allah. Ako ay sumasaksi na walang totoong diyos na dapat sambahin maliban kay Allah, At ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang lingkod at Sugo.*



(11) Bigkasin ang **[Allahu Akbar]** at tumayo para sa pangatlong Rak'ah -yunit), at gayahin lamang ang mga hakbang at mga binabasa na nabanggit sa pangalawang Rak'ah yunit), Maliban lamang sa kabanata o talatang binabasa mula sa Qur'an pagkatapos ng kabanata Al Fatiha, dahil hindi na kailangang magbasa ng anumang talata sa pangatlo at pang-apat na Rak'ah (yunit) sa anumang dasal.



(12) Pagkatapos ng pangalawang pagpapatirapa sa ikatlong Rak`ah na ito o (yunit), Bigkasin ang **[Allahu Akbar]** at maupo upang isagawa ang huling Tashahhud. Ang huling Tashahhud ay mag uumpisa sa unang Tashahhud na nabanggit, ngunit idaragdag lamang ang mga katagang panalangin ng pagpapala para sa Propeta, Ito ang kabuuan ng tinatawag na huling tasha'hud:
**[Attahiyyatu lillah, wassalawatu wattayyibat, Assalamu alaika ayyuhannabi, wa rahmatul lahi wa barakatuh. Assalamu alayna wa ala ibadillahis-saliheen, Ash-hadu alla ilaha illallah, wa ash-hadu anna Muhammadan Rasulullah. Allahumma salli ala Muhammad, wa-ala ali Muhammad, kama sallayta alaa Ibrahema, wa-ala aali Ibrahem, innaka hameedun majeed, Wabarik alaa Muhammad, wa-ala aali Muhammad, kama barakta ala Ibrahema wa-ala ali Ibraheem, innaka hameedun majeed].**

*Ang kahulugan: Ang mga pagbati, mga dasal, at mga mabubuting ay sa Allah lamang. Suma iyo ang kapayapaan, O Propeta at gayon din ang habag at mga pagpapala ng Allah. Ang kapayapaan ay mapasa amin at ganundin sa mga matutuwid na lingkod ng Allah. Ako ay sumasaksi na walang totoong diyos na dapat sambahin maliban kay Allah, At ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang lingkod at Sugo. O Allah, pagpalain Mo po si Muhammad at ang kanyang pamilya tulad ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa kanyang pamilya, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati. Biyayaan Mo po si Muhammad at ang kanyang mga pamilya tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at kanyang mga pamilya, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati.*





(13) Pagkatapos mabigkas ang buong huling Tashahhud, ibaling ang mukha o lumingon sa dakong kanan at bigkasin ang **[Assalamo alaikom warahmatullah]** Pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa at bigkasin din ang **[Assalamo alaikom warahmatullah].**
*Kahulugan: Ang kapayapaan ay sumainyo at ang habag ng Allah*

**At dito na nagtatapos ang Dasal na tatlong Rak'ah 'yunit o (tatlong beses maka tayo) tulad ng dasal ng Magrib.**
**Ito lamang ang dasal na binuo sa tatlong rak'ah (yunit).**

## كيفية الصلاة الرباعية ( الظهر ، العصر والعشاء )

## (B) Paraan ng pagsasagawa ng apat na Rak'ah (yunit) na Salah, tulad ng 'Dasal ng Duh'r sa tanghali, Dasal ng As'r sa hapon at Dasal ng Eisha sa gabi'.

Tumayo at gagayahin lamang ang mga naunang nabanggit na mga hakbang sa Dasal ng **Magrib**, tingna ang pahina 8-10 ( No. 1 hanggang 11)



1) Pagkatapos ng panaglawang pagpapatirapa sa ikatlong Rak'ah (yunit) ay huwag umupo, diretsong tumayo habang binibigkas ang **[Allahu Akbar]** upang isagawa ang pang-apat na Rak'ah o (yunit).

2) Dito sa ika apat na Rak'ah (yunit) ay gagayahin lamang ang mga hakbang at mga binabasa na nabanggit sa pangatlong Rak'ah (yunit) ng dasal ng Magrib. Tingnn ang pahina 10 (No.11).



3) Pagkatapos ng pangalawang pagpapatirapa sa ika-apat na Rak`ah (yunit), Bigkasin ang **[Allahu Akbar]** at maupo upang isagawa ang buong huling Tashahhud na tulad ng unang nabanggit sa pahina 10 (No.12)

4) Pagkatapos mabigkas ang buong huling Tshahhud ay ibaling ang mukha o lumingon sa dakong kanan at bigkasin ang **[Assalamo alaikom warahmatullaah]** Pagkatapos ay lumingon sa kaliwa at bigkasin din ang **[Assalamo alaikom warahmatullah].**
*Kahulugan: Ang kapayapaan ay sumainyo at ang habag ng Allah*





**At dito nagtatapos ang Dasal na apat na Rak'ah (yunit)
katulad ng Dasal ng 'Duh'r, As'r at Eisha' – Ito lamang ang mga dasal na bibubuo sa atap na rak'ah (yunit ).**

=====================================

## كيفية الصلاة الثنائية ( صلاة الفجر )

## (C) Paraan ng pagsasagawa ng dalawang Rak'ah (yunit) na Salah, tulad ng 'Dasal ng Faj'r sa madaling araw'.



Gagayahin lamang ang nabanggit na mga hakbang ng dasal mula sa unang Rak'ah (tayo) hanggang sa ikalawang Rak'ah (yunit) lamang at ito ang panibagong gagawin:

1) Pagkatapos ng pangalawang pagpapatirapa sa pangalawang Rak`ah (yunit) ay umupo habang binibigkas ang **[Allahu Akbar]** upang isagawa ang buong huling Tashahhud na katulad ng unang nabanggit sa pahina 10 (No.12.)

**2)** Pagkatapos na mabigkas ang buong huling Tshahhud ay ibaling ang mukha o lumingon sa dakong kanan at bigkasin ang **[Assalamo alaikom warahmatullaah]** Pagkatapos ay lumingon sa kaliwa at bigkasin din ang
**[ Assalamo alaikom warahmatullah].**
*Kahulugan: Ang kapayapaan ay sumainyo at ang habag ng Allah.*





**At dito na nagtatapos ang dasal na dalawang Rak'ah (yunit) katulad ng dasal ng Fajr,**
**at ito lamang ang dasal na binuo sa dalawang Rak'ah (yunit) .**

*Mapapansin na walang unang Tashahhud kundi huling Tashahhud lamang ang mayroon sa dasal ng Faj'r, ito ay dahil sa dalawang rak'ah lamang at iyan na talaga ang paraan ng dasal ng Faj'r.*

## نواقض الصــلاة
## Nagpagpapawalang-bisa ng pagdarasal 'Salah'.

Mahalagang maunawan ng taong nagnanais magsagawa ng dasal 'Salah' ang mga bagay na nagpapawalang-bisa ng pagdarasal para magkaroong ng saysay ang kanyang pagdarasal, ito ay tulad ng mga sumusunod.

- Lahat ng nagpapawalang-bisa sa paghuhugas, tulad ng pag ihi, dumi, utot etc… kapag nangyari yan habang nagdarasal ay hindi na balido ang dasal (Salah)
- Sinasadyang paglalantad ng mga pribadong bahagi ng katawan. Gayunpaman, kung ang mga ito ay hindi sinasadyang nalantad, at ang nakalantad na bahagi ay maliit lamang, o kung ito ay malaki ngunit agad na natatakpan, ang pagdarasal ay may bisa pa rin.
- Ang sinasadyang paglihis sa Quiblah (dakong kinaruroonan ng Holy Ka'bah sa Makkah), kung Malaking paglihis mula sa direksyon ng Quiblah ay hindi na balido ang salah.
- Ang pagkakaroon ng karumihan sa katawan, damit, o sa lugar kung saan magdarasal.
- Labis at patuloy na paggalaw habang nagdarasal nang hindi kinakailangan.
- Sinasadyang pagliban sa ibang mga haligi ng pagdarasal, tulad ng pagyuko o pagpapatirapa at iba pa…
- Sinasadyang pagdaragdag sa ibang mga hakbang ng pagdarasal tulad ng pagyuko at iba pa...
- Sinasadyang pagsasagawa ng ilang haligi ng dasal na hindi naaayon sa pagkakasunod-sunod nito.
- Ang pagsasalita ng hindi bahagi ng dasal at pagtawa ng malakas , Gayundin ang pagkain at pag-inom habang nagdarasal.

Nararapat lamang sa taong magsasagawa ng Salah ay isasagawa niya ang Salah sa tamang paraan, Dalisay ang kanyang loob na para sa Allah at nakasunod sa paraang itinagubilin ng Propeta ang ginagawang pagdarsal.

## تعليم سورة الفاتحة وحفظها
## Pag aaral at pagsasaulo ng kabata Al Fatiha.

BISSMILLAHIR RAHMANIR RAHEEM
ALHAMDULILLAAHI RABBIL-'AALAMEEN, ARRAHMANIR-RAHEEM, MAALIKI YAWMIDDEEN , EYYAAKA NA'BUDU, WA EYYAAKA NASTA'EEN, IHDINAS-SIRAATAL MUSTAQEEM, SIRAATAL-LADHEENA AN'AMTA , ALAYHIM GHAYRIL MAGHDOOBI ALAYHIM, WALAD-DAALLEEN.
AMEEN

بسم الله الرحمن الرحيم
الْحَمْدُ اللهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ مَالِكِ يَوْمِ الدِّينِ إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ أَهْدِنَا الصِرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ صِرَاطَ الَّذِينَ أَنعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضالِّينَ - آميـــن

## تعليم سورة الإخلاص وحفظها
## Pag aaral at pagsasa-ulo ng kabanata Al Ikhlas

بسم الله الرحمن الرحيم
قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدُ اللَّهُ الصَّمَدُ لَمْ يَلِدْ، وَلَمْ يُولَدْ وَلَمْ يَكُن لَّهُ كُفُوا أَحَدٌ
"Bismillahir Rahmanir Raheem"
QUL HUWAL LAAHU AHAD. ALLAAHUS-SAMAD LAM YALID WA LAM YOOLAD , WALAM YAKUL-LAHU KUFUWAN AHAD.

## تعليم سورة الناس وحفظها
## Pag aaral at pagsasaulo ng kabanata An Nas

بسم الله الرحمن الرحيم
قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ مَلِكِ النَّاسِ إِلَيْهِ النَّاسِ مِن شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي صُدُورِ النَّاس مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ

Bismillaahir Rahmaanir Raheem"

QUL A'WODHU BIRABBIN-NAAS , MALIKIN-NAAS. ILAAHIN-NAAS, MIN SHARRIL WASWAASIL KHANNAAS, ALLADHEE YUWASWISU FEE SUDOORIN-NAAS, MINAL JINNATI WAN-NAAS.

## تعليم سورة الفلق وحفظها
## Pag aaral at pagsasaulo ng kabanata Al Falaq

بسم الله الرحمن الرحيم
قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ وَمِن شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ وَمِن شَرِ النَّفَاثَاتِ فِي الْعُقَدِ وَ مِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ
"Bismillaahir Rahmaanir Raheem"
QUL A'WODHU BIRABBIL FALAQ, MIN SHARRI MAA KHALAQ, WA MIN SHARRI GHAASIQIN IDHAA WAQAB, WA MIN SHARRIN-NAFFAATHAATI FIL OQAD.
WA MIN SHARRI HAASIDIN IDHAA HASAD.

## تعليم سورة العصر وحفظها
## Pag aaral at pagsasaulo ng kabanata Al As'r

بسم الله الرحمن الرحيم
وَالْعَصْرِ إِنَّ الْإِنسَانَ لَفِي خُسْرٍ إِلَّا الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ وَتَوَاصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَاصَوْا بِالصَّبْر

"Bismillaahir Rahmaanir Raheem"
WAL AS'R, INNAL-INSAANA LAFEE KHUS'R, ILLALLADHEENNA AAMANOO WA 'AAMILUS-SAALIHAT, WATAWAASAW BILHAQQI, WATAWAASAW BISSABR.

---

## قضــاء الصلاة الفائتة
## Pagpapalit sa nakalitaang dasal 'Salah'.

Ang pagpapalit sa mga nakaligtaang dasa 'Salah' ay tinatawag na *Qadha'* sa Arabik. Ang utos tungkol sa pagdarasal ay isasagawa ito sa takdang oras nito, subalit kung ito ay nakalimutan o nakatulog ay dapat palitan kung kailan naala-ala. Sinabi ng Propeta Muhammad (saw): [Sinumang makalimutan niya ang isang dasal 'Salah" o di kaya ay makatulog ay walang kabayaran kapag naala-ala kundi magsasagawa mismo ng Salah nayun].

Ilan sa mga halimbawa: kung maalala mo sa oras ng dasal ng Asr na nakaligtaan mo pala ang dasal ng Dhuhr, kailangan mong magsagawa ng Dhuhr muna bago ang dasal ng Asr… O di kaya ay hindi ka naka pagdasal ng Faj'r sa madaling araw dahil hindi ka nakagising hanggang sa paglipas ng oras ng dasal nayun, ibig sabihin ay ang pagdarasal sa oras na iyon ay dumaan sa iyo habang ikaw ay natutulog, pagkagising mo ng kahit anong oras, kailangan mong magsagawa ng wudu 'paghuhugas' at isagawa ang dasal nayun.

Noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (saw), [ Isang gabi, habang naglalakbay kasama ng Propeta ang ilan sa mga kasamahan at may nagsabi: 'Kung makapagpapahinga lang sana kasama ang Propeta sa mga huling oras ng gabi.' Siya ay tumugon, **'**Nangangamba akong makatulog kayo at makaligtaan ang dasal ng Fajr.**'** Si Bilal ay nagsalita, 'Gigisingin ko lang kayo.' Silang lahat ay natulog, subalit si Bilal ay dahil subrang antok ay nakatulog din! Ang Propeta ay nagising habang nagsisimula nang sumikat ang araw at nagsabi, **'**O Bilal**!** anong nangyari sa sinabi mo?**'** Siya ay tumugon, 'Hindi pa ako nakatulog ng ganitong kalalim..!' Ang Propeta ay nagsabi: Ang Allah ang kumuha ng ating mga kaluluwa sa kagustuhan Niya at nagpanumbalik nito sa kagustuhan Niya. O Bilal! bumangon ka at mag-Adhan 'panawagan para sa pagdarasal'**.** Ang Propeta ay nagsagawa naghugas at nang tuluyan ng makasikat ang araw, siya ay tumayo at nagdasal….].
Samakatuwid, kung may nakalimutan na isang Salah 'dasal', kailangan ay isasagawa ito kung kailan maala ala.

-----------------------------------------------------------------

## صلاة المســافر
## Pagdarasal 'Salah' ng taong naglalakbay

Ang Islamikong batas ay ginawang magaan ang Salah 'dasal' para sa mga naglalakbay sa pamamagitan ng dalawang paraan:

a) Ang pagpapaiksi ng dasal 'Salah': Ang apat na rakah na salah ay pinaiksi sa dalawang rak'ah.
b) Ang pagsasama ng dalawang dasal 'Salah': Ang dasal ng Duh'r ay maaaring ipagsama sa dasal ng Asr, Ang Maghrib ay maaaring ipagsama sa dasal ng Isha…

Ang dasal ng Isha at Faj'r ay hindi maaaring pagsamahin, gayundin ang dasal ng Duh'r at Fajr, at dasal ng As'r at Magrib.

**<u>Pamamaraan</u>**

Mayroong dalawang paraan sa pagsasama at pagpapaiksi ng dasal.

a- Pagsasama sa unang oras (Jam'o Tqdeem) Isasagawa ang Dhuhr at Asr sa oras ng Dhuhr". Halimbaw: Isasagawa ang dasal ng Duh'r sa takdang oras nito ng dalawang rak'ah lamang, pagkatapos ay isunod naman ang dasal ng As'r ng dalawang rak'ah rin, Kaya pagsapit ng oras

ng dasal ng As'r ay hindi kailangan magdasal ng As'r, at ganyan din ang dasal ng Magrib at Isha- subalit ang dasal ng Magrib ay mananatiling tatlong rak'ak pa rin.

b- Pagsasama sa huling oras: (Jam'o Ta'kheer) Isasagawa ang Duh'r at As'r sa oras ng As'r. Halimbawa: Isasagawa ang dasal ng Duh'r As'r sa oras ng dasal ng As'r sa hapon nang tagdadalawang rak'ah. Gayundin din ang dasal ng Magrib at Isha, subalit ang dasal ng Magrib ay mananatiling tatlong rak'ah pa rin.

Ang mga pagdarasal na ito ay mayroon isang Adhan" panawagan bilang hudyat sa pagsapit ng oras ng dasal" at dalawang Iqamah. "panawagan para sa pagsisimula ng bawat dasal".

Walang nabanggit na takdang distansya sa paglalakbay para sa pagpapaikli at pagsasama ng mga dasal 'Salah', ngunit sa panahon ng Propeta, tinantya ng kanyang mga kasamahan ang distansya ng pagpapaiksi at pagsasama niya ng mga dasal ay tinatayang 80 hanggang 83 kilometro. Maituturing na paglalakbaya yaong sitwasyon na karaniwang matatawag na paglalakbay, halimbawa umabot sa distansyang nabanggit o higit pa.

=========================================

## المسبوق في الصــلاة
## Ang nahuli sa pagdarasal 'Salah'.

Bawat isa sa limang obligadong Salah ay mayroong kanya-kanyang takdang bilang ng rak'ah o yunit. Minsan'y dumating ka nang huli na sa Masjid at hindi ka nakasabay sa dasal ng namumuno 'Imam' ng Salah. Gayon pa man, kapag dumating ka na at nakita mong nagsa salah na ang mga tao, tumayo kana sa tabi ng pinakahuling tao sa pila, habang nakatayo bigkasin mo ang "ALLAHU AKBAR" habang itinataas mo nang pantay sa balikat o tainga ang iyong mga kamay, at saka kaagad kang sumabay sa ano mang maaabutan mo na ginagawa nila.

Halimbawa; kung sila ay naabutan mong nakatayo, tumayo ka rin, at kung sila naman ay naka yuko, yumuko ka rin, kung sila ay naka sujod (patirapa), mag sujud ka rin na hindi na kailangan mag-yuko pa bago magpatirapa. Pagkatapos mag tasleem ang Imam, huwag kang mag-tasleem, tumayo ka, at ipagpatuloy mo nang mag-isa ang Rak'ah/o mga Rak'ah na hindi mo naabutan hanggang sa matapos mo ang buong dasal…

Kung mayroong isang Rak'ah na hindi mo naabutan sa dasal ng Dhuhr, kapag magTasleem ang Imam ay huwag kang magtasleem, tatayo ka upang gawin ang isang Rak'ah na hindi mo naabutan, sapagkat ikaw ay nag salah nang tatlong Rak'ah lamang na kasama nila.

Kung ikaw naman ay naka sabay nang bago maitayo ng Imam ang kanyang likod buhat sa pagkaka yuko 'ruku', para mo na ring naabutan ang rak'ah na iyon, ibig sabihin buo rin ang rak'ah ng dasal na kagaya rin ng dasal nila… At kung hindi mo naman naabutan ang pagyuko niya, ibig sabihin hindi mo inabutan ang rak'ah na yun, kaya, kapag magtasleem ang Imam ay tatayo ka upang gawin ang rak'ah nayun na hindi mo inabutan, Kung dalawang rak'ah ang hindi mo inabutan, dalawang rak'ah rin ang isasagawa mo, kung tatlo ang hindi mo inabutan, tatlo rin ang isasagawa mo...

=========================================

## صلاة المريض
## Pagdarasal 'Salah' ng may sakit

Ang Salah ay obligado pa ring isasagawa ng sinumang Muslim habang siya ay nasa tamang pag iisip nang kahit may karamdaman, isasagawa pa rin ang dsala sa anumang makakayanang hakbang.
Maaaring magdasal ang may-sakit na nakatayo, kahit pa sa posisyong nakabaluktot ang kanyang likod o nakasandal sa dingding o nakahawak sa tungkod. Kung hindi niya kayang tumayo, maaari siyang mag salah nang nakaupo. Kung hindi niya kayang mag salah nang nakaupo, puwede siyang mag salah nang nakahiga, nakatagilid na nakaharap sa Qiblah (dakong kinaroroonan ng Holy Ka'bah sa Makkah), mas mainam kung ang kanang tagiliran ng kaniyang katawan ang siyang nakalapat sa higaan. Kung hindi niya magawang humarap sa Qiblah dahil walang makakatulong sa kanya, maaari pa rin siyang mag salah kahit saan man nakaharap.
Kung hindi niya kayang mag yuko at mag patirapa ng normal, iyuko na lamang niya ang kanyang ulo bilang tanda ng pag yuko at pag patirpa. Ang pagyuko ng ulo bilang tanda ng patirapa ay kailangang mas mababa sa pagyuko ng ulo bilang tanda ng yuko. Kung kayang mag patirapa ngunit hindi kayang mag yuko, magpatirapa siya, at iyuko naman niya ang ulo bilang tanda ng yuku. Kung kayang mag yuko ngunit hindi kayang magpatirapa, mag yuku siya, at iyuko lang niya ang ulo bilang tanda ng patirapa.
Kung hindi niya kayang iyuko ang kanyang ulo bilang tanda ng pagyuko at patirapa, maaari niyang ipahiwatig iyon sa pamamagitan ng kanyang mata. Ipikit niya ng bahagya bilang tanda ng pagyuku, at pipikit niya ng higit pa, bilang tanda naman ng patirapa.
Kung hindi niya kayang iyuko ang kanyang ulo o ipikit ang kanyang mata bilang tanda ng patirapa at yuko, kailangang mag salah nalang siya sa pamamagitan ng kanyang isipan. Bibigkasin niya ang Allahu Akbar at ang mga kinakailangang bigkasin, at isasaisip naman niya ang mga gawain at kilos sa Salah gaya ng pagsu pagpatirapa, pagyuku at iba pa.

Kailangang gawin ng may-sakit ang bawat dasal sa tamang oras,  Subalit kung mahirap para sa kanya na gawin ang bawat dasal sa takdang oras nito, maaari niyang pagsamahin ang Dhur at Asr nang kahit alin man sa oras ng dalawang dasal na ito pagsamahin., Gayundin na maaari niyang pagsamahin ang Maghrib at Isha nang kahit alinman sa oras ng dalawang dasal na ito pagsamahin. Hwaga lamang paiksiin ang Dasal ng Duh'r at As'r ganundin ang Isha dahil ang pagpapaiksi ng dasal 'Salah' ay para lamang sa mga manlalakbay.

---

## التوحيـــد وأنواعه

## ANG KAISAHAN NG ALLA AT MGA URI NITO

Ang Tawheed ay katagang arabik na sa literal na kahulugan ay ang pagsasaisa. Ang Tawheedullah ay (pagsasaisa sa Allah o ang kaisahan ng Allah) ito ay sa pamamagitan ng paniniwala sa kaisahan Niya at pamumukod-tangi Niya sa Kanyang pagkapanginoon, sa Kanyang pagkadiyos, sa Kanyang mga pangalan at mga katangian, at paniniwala na Siya ang tunay na Panginoon, ang nagmamay-ari ng lahat at ang karapat-dapat lamang sa pagsamba .

Samakatuwid, ang Tawheed ay ang pagbubukod-tangi sa Allah sa lahat ng nauukol sa Kanya tulad ng pagsambang binibigkas o ginagawa. Ito ang saligan ng Islam, kaya't dito nagmula ang lahat ng kanyang mga patakaran, mga alituntunin, mga kautusan at mga pagbabawal.

**MGA URI NG TAWHEED:**

Ang Tawheed (kaisahan ng Allah) ay nahahati o binubuo sat alon ;

a) Tawheed Ar-Ruboobiyyah .
b) Tawheed Al-Uloohiyyah.
c) Tawheed Al-Asma' Was Sifat.

Linwain natin ang bawat isa sa maikling paglilinaw:

1) **TAWHEED AR-RUBOOBIYYAH**:

Ang Tawheed Al Ruboobiyyah ay kaisahan sa Pagkapanginoon o sa kanyang mga gawain, Ito ay ang paniniwala na ang Allah ang tanging lumikha sa sangkatauhan at ang tanging nagbibigay ng biyaya sa kanila, bumubuhay at bumabawi ng buhay nila. O kaya sabihin natin: Ang pamumukod-tangi ang Allah sa Kanyang mga gawain. Halimbawa, ang paniniwalang Siya lamang ang Tagapaglikha at Tagatustos.

Ito ang uri ng Tawheed na na tinatanggap at pinaniniwalaan ng mga sinaunang Mushrik (sumasamba sa mga diyus-diyosan) at ng lahat ng may inaangking relihiyon, tulad ng mga Hudyo, mga Kristiyano etc. (ginawang pangkat o sekta na nagmula sa mga Hudyo at mga Kristiyano at ng mga Pagano).

**Ang patunay sa Tawheed Ar-Ruboobiyyah:**

Ang dapat sabihin sa mga hindi naniniwala sa pagkakaroon ng diyos ay katotohanan hindi matatanggap ng may matinong kaisipan ang pagkakaroon ng lagda na walang lumagda, o nilikha na walang lumikha. Kabilang sa hindi mapagtatalunan ay kapag ikaw ay nakakita ng isang karayom, tiyakin na ito ay may tagagawa, Kaya papaano na lamang ang sanlibutan na ito na napaka lawak at kamngha mangha, lumitaw kaya ito nang walang Tagapagpalitaw, at naisa ayos nang walang Tagapagsaayos!? Ang lahat ng nasa sanlibutan, gaya ng mga bituin, mga ulap, mga kidlat, mga kulog, mga disyerto, mga karagatan, gabi at araw, mga kadiliman at mga liwanag, mga kahoy at mga bulaklak, jinn (inkanto) at tao, anghel at hayop at iba pang mga uri ng nilikha na hindi kayang bilangin, ni walang sinumang makapagtatakda ng bilang nito, ay nagsilitaw ba ito nang walang nagpalitaw na siyang nagpaluwal mula sa kawalan? O Allah! Hindi ito masasabi ng sinumang may sapat na pag-iisip o katiting na pang-unawa.

**Ang mga katibayan sa pagka-panginoon ng Allah ay hindi kayang bilangin at takdaan.**

Ang Allah ay nagsabi: [Sila ba'y nilikha mula sa kawalaan, o sila ang mga tagapaglikha]. 35:52 .

At sinabi pa Niya: [ Ang Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay at Siya ang Tagapangasiwa sa bawat bagay] 39:62

**Ang patunay naman nito sa pangkaisipang katibayan:**

Sa isang kuwento tungkol kay Abu Hanifah (Nawa ay kahabagan siya ng Allah) ay naisalaysay na may isang samahan ng mga pilosopo na nagnais na makipagtalakayan sa kanya hinggil sa Tawheed Ar-Ruboobiyyah, kaya nagsabi siya sa kanila,Sabihin nga ninyo sa akin, bago tayo mag-uusap tungkol

sa paksang ito, ang tungkol sa isang barko sa ilog (sa Iraq), ito ay naglalayag at kusang napupuno ng pagkain, karga at iba pa, kusang bumabalik, dumadaong, nagdidiskarga at naglalayag ulit. Ang lahat na ito ay nangyayari nang walang isa mang nangangasiwa sa barko na ito. Ang mga pilosopo ay nagsabi: Imposible ito! Hindi ito mangyayari kailanman! Siya ay nagsabi sa kanila: Kung ito ay imposible sa isang barko, papaano na lamang sa buong sanlibutan na ito, magmula sa itaas at ibaba nito?!! (Ang kuwentong ito ay naisalaysay din ng iba bukod kay Abu Hanifah).

**Ang patunay sa paniniwala ng mga Mushrik (mga sumasamba ng Dios-diosan) sa Tawheed Ar-Ruboobiyyah:**

Sinabi ng Allah: [At kapag tinanong mo, O Muhammad ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allah: “Sino ang naglikha ng mga kalangitan at kalupaan?” Walang pag-aalinlangan, sasabihin nila, “Ang Allah,” kung ganito ang kanilang itinugon, sabihin mo sa kanila: “Papuri sa Allah na Siyang naglantad ng katibayan laban sa inyo mula sa inyong mga sarili,” subali’t karamihan pa rin sa kanila na sumasamba ng iba bukod sa Allah ay hindi pinagmamasdan at hindi sinusuri kung sino ang karapat-dapat na pasalamatan at purihin, na kung kaya, sila ay sumamba ng iba bukod sa Allah.]. 31:25.

At sinabi pa Niya: [ Sabihin mo O Muhammad! Sino ang tumutustos sa inyo mula sa kalangitan at kalupaan, o sino ang nagmamay-ari sa pandinig at mga paningin? At sino ang nagpapaluwal sa buhay mula sa patay at nagpapaluwal sa patay mula sa buhay? At Sino ang nangangasiwa sa lahat ng bagay? Katiyakang sila ay magsasabi: Ang Allah, Magkagayon, sabihin mo sa kanila: Hindi ba kayo natatakot? Gayon ang Allah, ang totoong Panginoon ninyo, samakatuwid ano pa ang susunod sa Katotohanan kundi ang pagkaligaw, kaya papaano pa kayong nalilihis?. At sinabi pa Niya: [At talaga ngang kung tinanong mo sila: Kung sino ang lumikha sa mga kalangitan at kalupaan. Katiyakang kanilang sasabihin: Nilikha ang mga ito ng Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam] 43:9

**Paalaala:**

Ang Tawheed Ar-Ruboobiyyah "kaisahan ng Allah sa kanyang mga gawain" ay hindi nagpapapasok sa tao sa relihiyong Islam, maliban kung kasama nito ang Tawheed Al-Uloohiyyah (kaisahan ng Allahg sa pagsamba sa kanya).

**2) TAWHEED AL-ULOOHIYYAH**

Ang Tawheed Al Uloohiyyah ay Kaisahan ng Allah pagsamba sa kanya, Tinatawag din itong Tawheed Al-Ibaadah (kaisahan sa pagsamba): Ito ay ang pagbubukod-tangi sa Allah sa pagsamba, sapagkat Siya ang karapat-dapat lamang na sambahin, hindi ang iba sa Kanya, maging gaano man katayog ang antas ng iba bukod sa Kanya at gaano man kataas ang kalagayan nito. Ito ang Tawheed na siyang naiparating ng mga Sugo sa kani-kanilang mga mamamayan (Kahabagan nawa silang lahat ng Allah), sila ay dumating na dala ang patotoo sa Tawheed Ar-Ruboobiyyah na siyang dati nang pinaniniwalaan ng kanilang mga mamamayan, kaya nag-anyaya sila sa kanila sa Tawheed Al-Uloohiyyah, gaya ng ipinaliwanag ng Allah hinggil sa kanila sa Kanyang maluwalhating Aklat.

Ilan sa mga katibayan, Ang Allah ay nagsabi tungkol kay propeta Nuh (Noa): [At katotohanang isinugo Namin si Nuh sa kanyang pamayanan at siya ay nagsabi: Katotohanang ako ay isang maliwanag na tagapagbabala sa inyo, na huwag sumamba maliban sa Allah; katotohanang aking ikinatatakot sa inyo ang kaparusahan ng kasakit-sakit na araw]. 11: 25. Ang Allah ay nagsabi rin tungkol kay Musa (Moises) habang nakikipagtalo ito kay Fir`aun (Paraon): [ Sinabi ni Fir`aun (Paraon): At sino ang panginoon ng lahat ng mga nilalang?. Siya (si Moises) ay nagsabi: Ang Panginoon ng mga kalangitan at kalupaan at ng lahat ng nasa pagitan nito, kung kayo ay marapat na maniwala nang may katiyakan]. 26: 23

At ang Allah ay nagsabi rin tungkol sa paghihikayat ni Hesus sa kanyang sambayanan, sinabi ni Eisa "Hesus": [Katotohanang ang Allah ang aking Panginoon at inyong Panginoon, kaya sambahin ninyo Siya, (sapagkat) ito ang matuwid na landas].

Sinabihan din ng Allah ang kanyang Propeta na si Muhammad (saw) na sabihin niya sa mga angkan ng kasulatan: [Sabihin mo O Muhammad! O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano):

Halina kayo sa isang salita na sadyang makatarungan sa pagitan namin at sa inyo, na huwag tayong sumamba maliban sa Allah, at huwag tayong magtambal sa pagsamba sa Kanya ng anupaman, at huwag nating ituring ang iba sa atin bilang mga panginoon (na sinasamba) bukod sa Allah].

At nagsabi rin ang Allah bilang panawagan sa lahat ng sangkatauhan: [O sangkatauhan! Sambahin ninyo ang Panginoong Dios na Siyang lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo, nang harinawa'y mangilag kayong magkasala].

Sa madaling salita: Ang lahat ng Sugo ay sinugo para mag-anyaya tungo sa kaisahan ng Allah at iwasan ang pagsamba sa mga diyus-diyosan at mga rebulto. Gaya ng sinabi ng Allah: [At talaga ngang nagpadala Kami sa bawat pamayanan ng isang Sugo (na nangangaral na): Sambahin ninyo ang Allah at iwaksi ninyo ang mga diyus-diyosan].

Inyong narinig ang paanyaya ng bawat Sugo sa kani-kanilang pamayanan, at ang unang kumatok sa mga pandinig ng kanilang mga mamamayan ay ito: [ Sinabi niya (ang Propeta): O aking mamamayan! Sambahin ninyo ang Allah; sapagkat wala kayong ibang diyos bukod pa sa Kanya].

**3) TAWHEED AL ASMA WAS SIFAT.**

Ang ibig sabihin nito ay Ang kaisahan ng Allah sa mga pangalan niya at katangian, o di kaya ay ang pagbubukod-tangi sa Allah lamang ang mga magagandang Pangalan at Katangian. Ito ay sa pamamagitan ng pagkilala sa mga pangalan at katangian na pinatunayan ng Allah para sa Kanyang Sarili na nakasaad sa Kanyang Aklat at nabanggit ng Kanyang Sugo, ang tamanag pagtanggap sa mga pangalan at katangian ng Allah ay walang (pagpapalit ng kahulugan), at (pag-aalis ng kahulugan), at (paglalarawan ng kahulugan) at walang (paghahalintulad).

Ang mga batayan ng pagpapatunay sa kaisahan ng mga Pangalan at mga Katangian:

a- Ang mga Pangalan ng Allah ay kaganda-gandahan at ang Kanyang mga Katangian ay kataas-taasan, at ganap. Sinabi sa banal na Qur'an: [Taglay ng Allah ang pinakamataas na katangian].
At sinabi pa: [Taglay ng Allah ang mga pinakamagandang pangalan, kaya manawagan kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito]. 7:18

b- Ang mga Pangalan ng Allah at ang Kanyang mga Katangian ay Tawqeefiyyah. Ang ibig sabihin nito: ay pinagsasanggunian sa mga ito ay tangi sa Qur'an at sa Sunnah ng Propeta, at ang mga ito ay hindi nalilimitahan ng takdang bilang, bagkus iilan lamang sa mga ito ang napag-alaman.
Sa isang Hadith ng Propeta: [O Allah! Ako ay Iyong alipin, anak ng Iyong lalaking alipin, anak ng Iyong babaing alipin. Ang aking pagkatao bilang alipin ay sa ilalim ng Iyong mga kamay. Ang Iyong mga ipinag-uutos sa akin ay dapat maisagawa ng walang hanggan at ang Iyong kaatasan sa Akin ay makatarungan. Hinihiling ko sa Iyo at sa bawat Pangalan Mo na Iyong ipinangalan sa Iyong sarili o ipinahayag sa Iyong Aklat o itinuro sa sinuman sa Iyong mga nilikha, o Iyong pinanatili sa mga lingid na kaalamang Nasasaiyo, na Iyong ginawa ang Qur'an bilang siyang buhay ng aking puso at ilaw ng aking puso, at tagapaglayo ng aking mga kapighatian at tagapag-alis ng aking mga pangamba ].

c- Hindi ipinahihintulot ang paghahalintulad o ang paggawa ng talinghaga sa mga katangian ng Allah: Batay sa sinabi ng Allah: ]Walang anumang katulad sa Kanya. At Siya ang Nakaririnig, ang Nakamamasid]. 26:11

d- Ang kahulugan ng mga pangalan ng Allah at ng Kanyang mga katangian ay napag-aalaman, datapuwat kung paano isalarawan ito ay hindi napag-aalaman, walang nakakaalam sa mga ito kundi ang Allah lamang. Ang Allah ay nagsabi: [ At hindi nila maabut ng kaalaman ang tungkol dito]. 20:110
Hindi naman kanais-nais na ang pagkaka-isa ng dalawang pangalan ay siyang pagkaka-isa ng dalawang pinangalanan, dahil ang Allah ay nagpangalan sa Kanyang sarili ng mga pangalang ipinangalan din sa iba sa Kanyang nilikha at inilarawan Niya ang Kanyang sarili sa mga

katangiang ipinanlarawan din sa iba sa Kanyang nilikha, gaya halimbawa ng katangiang [Pagdinig] at [Pagkakita]. Samakatuwid ang Tagapaglikhang Nakakarinig ay hindi katulad ng nilikhang nakakarinig, at ang Tagapaglikhang Nakakamasid ay hindi katulad ng nilikhang nakakamasid, Ang nilikha na nakakarinig ay may hangganan ang kakayahan niyang makinig, ang nilikha na nakakamasid ay may hangganan ang kanyang kakayahan makamasid hindi katulad ng dakilang tagapaglikha "Ang Allah".

---

## اركان الإسلام
## Mga haligi ng Islam

Ang mahahalagang aral ng Islam ay batay sa limang mga prinsipyo, na tinatawag bilang 'Limang haligi ng Islam', Ang pagkaka-bahagi na ito ay batay sa totoong kilalang hadith "kuwento" ng Propeta Muhammad (saw) na isinalaysay ni Omar (ra).

Si Omar, ay isa sa pinakamalapit na kasamahan ng Propeta, ay nagsalaysay ng isang pangyayari, Sinabi niya: [Minsan, habang kami ay nakaupo kasama ang Propeta, may isang lalaki na dumating at lumapit sa amin, ang kanyang mga damit ay napakaputi at ang buhok ay labis na maiitim, walang makitang mga palatandaan ng paglalakbay mula sa kanya at walang nakakakilala sa kanya. Umupo siya paharapan mismo ng Propeta, na ang kanilang mga tuhod ay magkatapat at ang kanyang mga palad ay ipinatong niya sa hita ng Propeta. Pagkatapos ay sinabi niya: 'O Muhammad! sabihin mo sa akin ang tungkol sa Islam.? Sumagot ang Propeta: Ang Islam ay paniniwala na walang totoong diyos na karapat-dapat sa pagsamba maliban sa Allah at ako ay Sugo ng Allah, Isagawa ang mga Salah (pagdarasal). Magbigay ng obligadong kawanggawa (zakah). Mag ayuno. Maglalakbay sa Macca para sa (Hajj). Sinabi niya sa Propeta: Tama ka.. Sabi ni Omar: Namangha kami sa kanyang pagtatanong na pagkatapos ay sasabihin niyang Tama ka.
*"At isinalaysay din ni Omar ang iba pang mga katanungan na binanggit nito at ang mga sagot na ibinigay ng Propeta."*
Nang makaalis ang lalaki, nagtanong ang Propeta: O, Omar! kilala mo ba kung sino ang lalaki nayun na nagtatanong? Sinabi ni Omar: Ang Allah at ang Kanyang Sugo ang higit na nakaka alam. Sinabi ng Propeta: Siya si Anghel Gabriel, dumating siya upang ituro sa iyo ang iyong relihiyon].

Kaya ang mga haligi ng Islam ay binuo sa limang hligi na tulad ng mga binanggit ng Propeta nang siya ay tagungin ni Anghel Gabriel. Tatalakayin natin sa maikling paglilinaw ang bawat haligi, tulad ng mga sumusunod:

**(1) Ang Shahadatain** (Ang dalawang Pagpapahayag ng totoong paniniwala sa Allah at sa kanyang Sugo)

Ang literal na kahulugan ng Shahadatayn ay dalawang pagsasaksi o paniniwala, ibig sabihin nito ay ang pagsasaksi sa kaisahan ng Allah at ang pagsasaksi sa pagka-Propeta ni Muhammad (saw). Ito ay tulad ng binibigkas sa wikang arabik na : **[Ash-hadu anlā ilāha illa-Allah, Wa Ash-hadu anna Muhammadan abduho warasūlullah].**

Ang kahulugan nito ay ganito:
Ako ay sumasaksi na walang totoong Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay kanyang lingcod at Sugo.

Ang katagang [ **La Ilaaha - Illallah**] ay nagsasaad ng dalawang napakahalagang bagay:

a) Pagtanggi: Ang salitang "**La ilaha** – walang Diyos" ito ay nagsasaad ng ganap na pagtakwil sa lahat ng mga sinasamba na iba sa Allah.
b) Pagpapatunay: Ang salitang "**Illallah** – maliban sa Allah" ay nagpapatunay na ang Allah ang nag-iisang tunay na Diyos na karapat-dapat na pag-ukulan ng pagsamba at wala ng iba.

**Mga kondisyon ng La Ilaha Illallaah:**

Ang salitang [**La Ilaaha Illallah**] ay mayroong mga kondisyon ng pagtanggap dito:

a) Kaalaman (Al-Ilm): Pag-alam sa kahulugan nito, na nagtataboy sa kamangmangan.
b) Katiyakan (Al-Yaquen): Matibay na paniniwala nang walang pag-aalinlangan.
c) Katapatan (Al-Ikhlas): Pagpapadalisay ng pagsamba para lamang kay Allah.
d) Katotohanan (As-Sidq): Pagsasabi nito nang totoo mula sa puso, hindi pakitang-tao.
e) Pagmamahal (Al-Mahabbah): Pagbibigay ng prayoridad sa pagmamahal sa Allah, at sa mga taglay nitong turo.
f) Pagsunod (Al-Inqiyaad): Pagpapasakop sa mga batas at kautusan nito.
g) Pagtanggap (Al-Qabul): Pagtanggap nang buong puso sa mga ipinag-uutos

**Mga kondisyon ng pagsasaksi na si Muhammad (saw) ay sugo ng Allah: [Muhammad Rasulullah]**

a) Pagpahayag ng totoong paniniwala sa pamamagitan ng salita.
b) Ang paniniwala sa kanyang mga minsahe nang may panloob na pag-unawa.
c) Pagsunod sa kanya sa lahat ng ipinag-utos niya at pag iwa sa ipinagbawal, at sambahin ang Allah ayon sa kanyang turo.
d) Paniniwala sa kanya sa lahat ng kanyang ipinaalam sa atin tungkol sa mga bagay na hindi nakikita, nakaraan at hinaharap.
e) Pagmamahal sa kanya nang higit pa sa sarili, sa kayamanan, sa mga anak, sa mga magulang, at sa buong sangkatauhan.
f) Pag-Prayoridad sa kanyang mga salita kaysa sa mga salita ng iba at pagsunod sa kanyang Sunnah (tradisyon).

Sinabi ng Allah: [Sinuman ang sumusunod sa Sugo ay sinunod niya ang Allah.] Qur'an, 4:80

Ang Shahadatayn " pagpapahayag ng paniniwala sa Allah at Sugo" ay ito ang ritwal na binibiggkas ng taong hindi Muslim kapag siya ay nais niyang yumakap sa relihiyong Islam, kaya kapag binigkas niya nang bukal sa loob ang [Ash-hadu Alla Ilaha illallah, wa Ash-hadu Anna Muhammadan Rasulullah], siya ay ganap ng Muslim.
Subalit ang pagpapahayag ng paniniwala sa Allah at sa kanyang sugo ay hindi lamang sa pamamagitan ng salita, Ang Islam ay hindi isang pananampalatayang sinasabi lamang ng bibig o isang akademyang aralin lamang na dapat matutuhan, bugkus ang tunay na paniniwala sa Allah at sa Sugo ay may kaakibat na paggawa sa mga ipinag utos tulad ng pagsasagaw ng pagdarasal at iba pa...at pagwaksi sa mga ipinagbawal.

**(2) Ang Salah (Pagdarasal)**

Ang Muslim ay mayroong limang takdang pagdarasal sa araw-araw. Ito ay nagpapadalisay sa puso at nagbibigay ng mataas na moral. Ito ay isang mabisang nagpapaiwas sa bawat tao sa paggawa ng mga masasama upang at lagi niyang maisaisip na mayroong iisang Makapangyarihang Diyos na nagmamasid sa kanyang ginagawa. Ito ay nagpapanatili upang laging malusog ang ating kaluluwa. Ito ay nagpapatibay ng pananampalataya at nagbibigay ng makabuluhang baon para sa ting paglalakbay tungo sa araw ng muling pagkabuhay.

Winika ng Allah sa Qur'an: [Katiyakan, ang pangangalaga sa 'Salah' o pagdarasal at pagsagawa nito nang ganap ay pumipigil sa pagsagawa ng mga kasalanan at ipinagbabawal ]. Qur'an, 29:45.
[Katotohanang Ako ang Allah, wala ng iba pang diyos maliban sa Akin, kaya't sambahin ninyo Ako at mag-alay ng palagiang pagdarasal bilang pag-aalaala sa Akin]. Qur'an, 20:14.

Ang Salah o (dasal) ay napaka halaga sa isang taong Muslim, ito ay pangalawang hakbang na dapat pag aralan pagkatapos tanggapin ang Islam, ito rin ang kauna-unahang sisiyating sa kabilang buhay, Ang pagdarasal ay ipinag utos din ito sa mga naunang Sugo ng Allah tulad nina Abraham, Moises, Hesus at iba pa sa kanila.

**(3) Ang Zakat (pagbibigay ng obligasyong kawanggawa sa mahihirap)**

Ang Kahulugan ng Zakah. Sa literal na kahulugan ay Ang "paglago" o kalinisan, Sa Islamikong pananaw, ang Zakah ay nagsasaad ng isang uri ng obligasyong kawanggawa na kailangang ibigay batay sa limit o itinakdang halaga ng kayamanan. Ito ay tinatawag na Zakah, sapagka't ang pagpapala sa mga natitirang kayamanan ay dinaragdagan ng Allah kahit ang aktuwal na halaga ng kayamanan ay nababawasan. Ang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an: [Pagkakaitan ng Allah ng pagpapala ang "Riba" (pagpapatubo), datapuwa't ang kawanggawa ay binibigyan Niya nang higit na pagpapala…].

Ang Salah (pagdarasal) at Zakah ay itinakda sa lahat maging sa mga naunang Propeta. Ang Qur'an ay nagpatunay nito: [At amin silang ginawang mga pinuno na nagpapatnubay (para sa mga tao) ayon sa Aming Kautusan. At kinasihan Namin silang gumawa ng mga mabuti at magsagawa ng Salah (pagdarasal) at magbigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa), at sila ay sa Amin lamang sumasamba]. [Qurán 21:73].

Isinalaysay ng banal na Qur'an ang ilang sa mga naunng Propeta na kung saan, sila ay inutusan ng Allah na ibigay nila ang itinakdang kawanggagawa "Zakah" sa mga nararapat bigyan, Ilan sa mga haliombawa nito ay:

Tungkol kay Propeta Ismail (Ismael) ang Qur'an ay nagpahayag: [At siya ay nag-uutos sa kanyang mga angkan ng (pagsasagawa ng) Salah at (pagbibigay ng) Zakah, at naging kalugod-lugod ito sa kanyang Panginoon]. [Qurán 19:55].

Tungkol kay Propeta Musa (Moises), ang Qur'an ay nagpahayag: […. At ang Aking Habag ay laganap sa lahat ng bagay, kaya itinatakda Ko ito sa kanila na mga may takot (sa Allah) at nagbibigay ng Zakah, at sa mga yaong naniniwala sa Aming mga Tanda]. [Qurán 7:156]

Tungkol sa sinabi ni Propeta Eisa (Hesus), ang Qur'an ay nagpahayag: [At ginawa Niya akong pinagpala saan man ako naroroon at inatasan akong magsagawa ng Salah (pagdarasal) at magbigay ng Zakah (obligasyong kawang gawa) habang ako ay nabubuhay]. [Qurán 19:31].

Ang Zakah ay isinasaalang-alang bilang itinakdang tungkulin sa lahat ng Muslim. Ang patunay nito sa pagiging Wajib (obligatory) ay matatagpuan sa Banal na Qur'an at sa Sunnah ng Propeta. Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag: […At magbigay kayo ng Zakah (itinakdang kawanggawa) ...]. [Qurán 2:43] Ang Propeta Muhmmad (saw) ay nagsabi kay Mu'ad bin Jabal: [Turuan ninyo (ang mga tao sa Yemen) na ang Allah ay nagtakda ng Zakah bilang tungkulin sa kanila. Ito ay dapat kuhanin mula sa mga mayayaman at ibigay sa mga mahihirap].

**Kailan maging obligado sa isang Muslim na magbigay ng Zakah "itinakdang kawanggawa?"**

**a-** Ang isang Muslim ay dapat na nasa hustong pag-iisip at gulang. Walang obligasyon ng pagbibigay ng Zakah sa mga taong kulang ang isip o baliw, sapagka't hindi sila responsable sa kanilang mga gawa o kilos.

**b-** Ang isang Muslim ay dapat na may naipong yaman o salapi na higit sa kanyang pangangailangan.

**c-** Ang naipong yaman o salapi ay dapat na umabot sa Nisab (itinakdang limit o pamantayan ng pagbibigay).

e- Ang naipong yaman o salapi ay dapat na nasa kanyang paghahawak nang lagpas sa isang taon. Ang Nisab (Itinakdang Pamantayan ng Pagbibigay) Upang magkaroon ng tamang kaalaman tungkol sa Nisab (Itinakdang Pamantayan sa pagbibigay ng Zakah) ang isang Muslim ay nararapat na magtanong at humingi ng kaukulang kasagutan sa isang maalam na Muslim tungkol dito.

Isinatungkulin din ang pagbibigay ng Zakah sa ginto, pilak, kalakal, hayupan na naipapastol gaya ng kambing, tupa, baka, kamelyo, at mga tulad nito, gayundin ang produkto ng lupa na tulad ng mga butil, mga bunga at iba pa….

**Ang Nisab (Itinakdang Pamantayan ng Pagbibigay ng Zakaha " Itinakdng kawanggawa")**

| **Kayamanan** | **Nisab (Limit para ibigay ang Zakah)** | **Zakah (Itinakdang kawang gawa)** |
|---|---|---|
| Ginto | 85grm | 2.5% |
| Pilak | 595grm | 2.5% |
| Salapi | Kung kailan umabot sa Nisab ng ginto o pilak | 2.5% |
| Alahas/Kalakal | Katumbas ng ginto | 2.5% |
| Tupa/Kambing | 40 | Isang tupa/kambing |
| Baka | 30 | Isang tupa/kambing |
| Kamelyo | 5 | Isang tupa/kambing |
| Mga Ani ng Lupa | 768kg | 10% kung ang tubig ay likas na duma-daloy at 5% kung ang patubig ay ginawa |

Ang Zakat ay hindi lamang boluntaryong pagbibigay tulong sa mga nangangailangan kundi isang obligasyong itinakda ng Allah.

**Ang Karapat-dapat sa Zakáh (uri ng mga taong dapat bigyan ng Zakah)**

Katiyakang ipinagkakaloob lamang ang ‘Zakah’ (itinakdang kawanggawa para sa mga sumusunod:

1- Fuqara: Nangangailangan na mahihirap na talagang walang-wala.
2- Masaakeen: Mga mahihirap na hindi sapat ang anumang mayroon sa kanila sa kanilang pangangailangan.
3- Aamileen: Sa mga inatasan para mangolekta ng ‘zakah'.
4- Mu'allafati Quloubuhom: Sa mga hinihikayat ang kanilang mga puso, na tulad ng inaasahan na maging Muslim o pinatitibay ang kanyang paniniwala etc.
5- Al riqaab: Sa taong tinutubos niya ang kanyang pagkaalipin o pinapalaya niya ang kanyang sarili.
6- Al Garimeen: Sa mga nabaon sa pagkakautang o di kaya ay sa mga taong nabaon sa utang na hindi naman dahil sa kanyang kagagawan o pamiminsala etc...
7- Fee Sabilillah: Sa mga nagpupunyagi o nakikipaglaban sa Daan ng Allah, at sa mga gawain na para sa kapakanan ng Islam na katulad ng pagpapalaganap nito at iba pa.
8- Ibnus Sabeel: Sa manlalakbay na na-estranded’ o natigil sa isang lugar, na naubusan siya ng panggastos o baon.

Ang pamamahaging ito ay obligasyon na ipinag-utos ng Allah at Siya ang nagtakda nito, ang bawat Muslim ay tuwirang may pananagutan sa Kanya kung hindi niya magampanan ito, maliban lamang sa mga masasabing walang ipon o sapat na kabuhayan dahil hindi sila obligado.

**(4) Ang Pag-aayuno.**

Ito ay isang taunang obligasyon tuwing buwan ng Ramadhan ng bawat Muslim na may sapat na gulang, nasa tamang pag iisip, may kakayahan, hindi naglalakbay etc… Ang ibig sabihin ng pag-ayuno sa Islam ay; Ang pagpigil sa sarili ng anumang pagkain, inumin at relasyong seksuwal at iba pa mula sa oras ng bukang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw. Ang pag ayuno ay ipinag utos din sa mga naunang tao at mga Propeta ng Allah, Ang Allah ay nagpahayag sa Qur’an sinabi niya : [O kayong nagsisisampalataya, ang pag-aayuno ay ipinag utos sa inyo kung paano rin naman ipinag utos sa mga nangauna sa inyo upang kayo ay magkamit ng kabanalan at tunay na pagkatakot sa Allah].

Samakatuwid, ang layunin ng pag-aayuno ay hindi para lamang magpakagutom o magpaka uhaw kundi upang magkaroon ng tunay na pagkatakot sa Allah. Hindi lamang ang sikmura ang nag-aayuno kundi ang lahat ng bahagi ng katawan tulad ng mata, tainga, dila, kamay at paa na umiiwas sa lahat ng

masasama at kasalanan- ibig sabihin, ang mga bahagi ng katawan na nabanggit ay kailangan mapipigilan din ito upang hindi magagamit sa mga bagay na hindi kanais-nais- tulad ng pagmumura, paglilibak, panunood sa mga malaswang panuorin, pakikinig sa mga walang kabuluhan na mga bagay etc…

Ang pag ayuno ay isa ring paraan upang makapagturo sa tao sa pagiging maawain at matulungin sa kanyang kapwa sapagkat sa kanyang pagkagutom ay naramdaman niya kung paano ang dinaranas ng mga kapus-palad. At paraan din upan ang tao ay matuto magtimpi, magtiis sa mga pagsubok sa buhay. At pagpigil sa sarili sa mga ipinagbabawal. Ito ay isang obligasyon na pantay at makatarungan na kung saan ang Muslim maging ano man ang kanyang katayuan sa buhay, mahirap man o mayaman, mahina man at malakas ay magkakatulad ang nararamdaman alang sa pagsunod sa utos ng Allah at pag asa na mapapatawad. Sinabi ng Propeta: [ Sinuman ang nag ayuno ng Ramadhan bilang paniniwala niya sa Allah at pag asang mapapatawad ay patatawarin ng Allah ang kanyang mga nagdaang kasalanan].

**(5) Ang Hajj (Pagdalaw sa Makkah)**

Ang bawat Muslim, lalaki man o babae, na may sapat na gulang, maayos ang kalusugan at may kakayahang gumugol sa paglalakbay ay nararapat na dumalaw sa banal na lugar ng Makkah upang isagawa ang Hajj. Ang pagsasagawa ng Hajj ay hindi katulad ng pagdarasal na bawat araw ay obligadong isagawa, Ang Hajj ay obligado lamang ng isang beses sa tanang buhay , kung isagawa itong ulit ay maituturing lamang na Sunnah, Ang Hajj ay nagbabadya ito ng pagkakaisa at pagkakabigkis-bigkis ng lahat ng mga Muslim at isang buong pagkakapatiran na walang makakapantay sa sangkatauhan. Ang pagtitipon-tipon ng lahat ng mga Muslim sa iisang lugar ay pinag-uugnay sila ng Hajj. Dito ay hindi kinikilala ang anumang lahi, kulay ng balat, wika, kabuhayan at anumang bagay kundi ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao sa mata ng Allah. Ang lahat ng Muslim ay nag-aalay ng kanyang sarili sa harapan ng Allah sa iisang payak na kasuutan at sila ay gumagawa ng magkakatulad na gawang pagsamba. Ang pagpupuri sa Allah, pagdarasal, pag-aalaala, at pagsamba ay isinasagawa nila nang buong kaganapan. Ang pagtitipon-tipon ng mga Muslim sa banal na lugar na ito ay paunang nagpapagunita kung paano rin naman ang sambahayan ng mga Muslim ay magtipon-tipon sa harapan ng Allah sa Araw ng Paghuhukom.

Ang Allah ay nagpahayag sa banal na Qur'an:
[At inyong ganapin ang Hajj o Umra (pagdalaw sa banal na tahanan na itinatag dito sa lupa) para sa paglilingkod sa Allah …]. Ang Propeta (saw) ay nagsabi: [Ang walang ibang gantimpala ang Hajj Mabrur (Katanggap-tanggap na Hajj) kundi Paraiso].

------------------------------------------------------------------

## شرح أركان الايمان
## Mga haligi ng paniniwala

Ang mahahalagang aral ng paniniwala ay batay sa anim na mga prinsipyo, na tinatawag bilang "Anim na haligi ng pananampalataya", Ang pagkaka-bahagi na ito ay batay sa mga sumusunod na totoong hadith (kuwento) ng Propeta Muhammad (saw) na isinalaysay ni Omar (ra).

Si Omar, ay isa sa pinakamalapit na kasamahan ng Propeta, ay nagsalaysay ng isang pangyayari noong kapanahunan ng Propeta, Sinabi niya: [Minsan, habang kami ay nakaupo kasama ang Propeta, may isang lalaki na dumating at lumapit sa amin, ang kanyang mga damit ay napakaputi at ang buhok ay labis na maiitim. Walang makitang mga palatandaan ng paglalakbay mula sa kanya at walang

nakakakilala sa kanya. Umupo siya sa mismo harapa ng Propeta, na ang kanilang mga tuhod ay magkatapat at ang kanyang mga palad ay ipinatong niya sa hita ng Propeta. Pagkatapos ay sinabi niya: 'O Muhammad! Sabihin mo sa akin ang tungkol sa Islam.? [*nang mabanggit ng Propeta ang limang haligi ng Islam]* Sinabi niya sa Propeta: Tama ka.. Sabi ni Omar: Namangha kami sa kanyang pagtatanong na pagkatapos ay sasabihin niyang Tama ka! Pagkatapos ay nagtanong ulit : Banggitin mo sa aking ang tungkol sa pananampalataya? Ang Propeta ay sumagot: 'Ito ay ang maniwala Sa Allah. Sa Kanyang mga anghe., Sa Kanyang mga banal na kapahayagan. Sa Kanyang mga sugo. Sa huling Araw. At maniwala sa itinadhana o itinakda, maging ito man kasaganahan o kapighatian. Sinabi niya sa Propeta: Tama ka.!.

Nang makaalis ang lalaki, nagtanong ang Propeta: O' Omar! alam mo ba kung sino yung nagtatanong?' Sinabi ni Omar: 'Ang Allah at ang Kanyang Sugo ang higit na nakaka alam, Sinabi ng Propeta: 'Siya si Anghel Gabriel, dumating siya upang ituro sa inyo ang inyong relihiyon.].

Ang pananampalataya ay tinutukoy sa Arabic bilang ***Emaan***. Ito ay kumakatawan sa matibay na paniniwala sa puso, Ang pananampalataya ay binuo sa anim na tulad ng binanggit ng Propeta Muhammad (saw) ito ay tulad ng mga sumusunod:

**(1) Paniniwala sa Allah**:

Ito ay nagsasaad sa mga sumusunod:

a- Ang Allah ay Siya ang panginoong Tagapaglikha, Tagatustos, Tagapanatili, at May-ari ng buong kalawakan. Walang sinumang kabahagi sa mga tungkulin na ito.
b- Ang Allah lamang ang tanging karapat-dapat sa pagsamba. Walang pagsamba, paglilingkod o pagsamba ang ihahandog sa iba maliban sa Allah o kaninuman na kasama Niya, maging sila man ay mga anghel, propeta, mga pari, mga santo, mga imahe o diyus-diyusan, o mga bato o rebulto at iba pang nilikha.
c- Ang Allah ay may pinakamaganda at perpektong mga pangalan at mga katangian, na walang maaaring ihambing sa kanya. Siya ay Natatangi, bukod at hindi maihahalintulad sa Kanyang nilikha. Walang kasamaan o maaaring maiugnay sa Kanya.

(2) **Paniniwala sa mga Anghel**:

Ito ay nagsasaad sa mga sumusunod:

a- Paniniwala sa pagkakaroon ng mga anghel, sila ay nilikha ng Allah….
b- Paniniwala na wala silang karapatang tumanggap ng anumang uri ng panibagong pagsamba.
c- Paniniwala sa mga pangalan, na kung saan binigyan ng pagkakakilanlan ang mga anghel sa Quran at Haddith .
d- Paniniwala na mayroon silang mga tungkulin na dapat gampanan, mayroong mula sa kanila na pinagkatiwalaan ng Allah tulad ni Anghel Gabriel na maghatid ng kanyang mga misahe para sa kanyang mga propeta o sugo at iparating naman ng mga sugo para sa mga tao.

**(3) Paniniwala sa mga banal na Kasulatan:**

Ito ay nagsasaad sa mga sumusunod:

a- Ang paniniwala na ipinahayag ng Allah ang mga kasulatan sa iba't ibang mga propeta at sugo.
b- Paniniwala na naglalaman ito ng katotohanan mula sa Allah.
c- Ang paniniwala na lahat ng naunang mga kasulatan maliban sa Quran ay nabago.

Ilan sa mga nabanggit mula sa mga naunang Aklat ay tulad ng Aklat na Taurah ni Propeta Moises (Musa) ..Aklat na Zabur ni Propeta David (Dawod), Aklat na Injeel ni Propeta Eisa (Hesus) …. Suhuf ni Propeta Abraham (Ibrahim) …. Aklat na Qur'an ni Propeta Muhammad (sumakanilang lahat ang pagapapala ng Allah), Maraming aspeto ang paniniwala sa Quran na ipinadala sa pinakahuling sugo na si Muhammad (saw):

- Paniniwala na ito ay isa sa mga banal na kasulatan ng Allah.

- Paniniwala na ito ang Huling Rebelasyon para sa sangkatauhan, at wala nang ibang susunod na banal na kasulatan ang maipapahahayag.
- Ang paniniwala na ang lahat ng nakasaad dito ay totoo, na walang kasinungalingan.
- Ang paniniwala na ito ay mananatili at hindi magbabago magpakailanman na hindi kagaya ng nangyari sa mga naunang kapahayagan.
- Paniniwala na pinawalang-bisa nito ang lahat ng nakaraang mga kasulatan bago ito.

(4) **Paniniwala sa mga Sugo ng Allah:**

Ito ay nagsasaad sa mga sumusunod:

a- Paniniwala na Ang Allah ay nagpadala ng mga propeta/sugo sa bawat bansa, sila ay naghihikayat upang sumamba sa Allah lamang. Ang bawat isa ay dapat maniwala sa lahat ng mga ito, kilala o hindi kilala.

b- Paniniwala na sila ang pinakanatatangi sa sangkatauhan na pinili dahil sa kanilang kabutihan.

c- Paniniwala na sila ay mga tao lamang, at hindi nila sinasabing sila ay sambahin. at ni isa sa kanila ay walang karapatan magtatag ng relihion, at walang maituturing mula sa kanila na Dios o anak ng Dios etc.

d- Paniniwala na ipinahahayag lamang nila ang mensahe mula sa Allah at hindi ayon sa kanilang sariling kagustuhan lamang.

e- Paniniwala na hindi sila nagkamali sa pagpapahayag ng mensahe

f- Paniniwala na ang pagsunod sa kanila ay isang nararapat.

g- Paniniwala na si Muhammad (saw), ay siya na ang sagka o pinakahuling Propeta at Sugo ng Allah at wala ng susunod.

**(5) Paniniwala sa Huling Araw:**

Ito ay nagsasaad sa mga sumusunod:

a- Paniniwala na ang buhay sa mundo ay pansamntala lamang, Ang lahat ay magwawakas, at bawat maybuhay ay titikim ng kamatayan, samakatuwid ay mayroong huling araw,

b- Paniniwala na tayo ay muling bubuhayin Ng Allah at tayo ay hahatulan ayon sa mga nagawa natin dito sa daigdig- ito yung araw ng paghuhukom sa harapan ng Allah-.

c- Paniniwala na ang mga naniwala at sumunod sa tamang relihiyon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga propeta ay papasok sa Paraiso, mananahan dito magpakailanman, at ang mga hindi naniniwala ay papasok sa impiyerno at mananatili dito ng walang-hanggan.

**(6) Paniniwala sa Tadhana:**

Ito ay nagsasaad ng mga sumusunod:

a- Paniniwala na ang Allah ay bukod tanging nakakaalam sa mga mangyayari sa hinaharap, na ito ay ganap at kumpleto at sumasaklaw sa lahat ng nilalang. Alam Niya ang lahat ng bagay na mangyayari o hindi mangyayari, simula sa umpisa bago pa ang paglikha ng sangkatauhan.

b- Paniniwala na naitala na ng Allah ang lahat ng bagay na mangyayari hanggang sa Araw ng Paghuhukom

c- Paniniwala na ang anumang naisin ng Allah na mangyari ay mangyayari, Walang nangyayari na wala sa kapahintulutan ng Allah.

Iyan ang maikling paglalahad tungkol sa anim na haligi ng paniniwala, binanggit ng Propeta na ang mga saligan na ito ay ang batayan ng paniniwala at pananampalataya ng Islam.

## العـبادة / تعريفها وشروط قبولها
## Ang pagsamba, Kahulugan at mga kondisyon para matanggap

Ang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an: [ At hindi Ko nilikha ang Jinn at ang Tao maliban upang Ako ay kanilang sambahin]. Malinaw mula sa talatang ito na ang layunin at dahilan ng ating pagsilang at ng ating buhay ay walang iba maliban sa Ibadah 'pagsamba' sa Allah, Kaya bilang muslim, nararapat na malaman natin ang tunay na kahulugan ng pagsamba. Kung ang kahulugan at tunay na diwa nito ay hindi malalaman ng tao, paano niya maisasakatuparan ang tunay na layunin ng paglikha sa kanya?.. Kung hindi natupad ng tao ang layunin ng kanyang buhay, katiyakan ang kanyang buong panahon sa mundong ito ay maituturing na isang walang kabuluhang pamumuhay.

Sa ganitong dahilan, kailangan ay unawain natin ang tunay na kahulugan ng Ibadah 'pagsamba' at panatilihin natin ito sa ating mga sarili, sapagka't dito nakasalalay ang tagumpay o kapahamakan ng ating buhay.

**Ang ibig sabihin ng Ibadah "pagsamba":**
Ang depinasyon ng Ibadaha (pagsamba) ay: Lahat ng gawa at salita lantad man o lihim na naaayun sa kagustuhan ng Allah ay pagsamba.

Ang lantad ng pagsamba sa Allah ay tulad ng pagdarasal, pagsasagawa ng Hajj sa Makkah, pagbibigay ng kawanggawa, paghanapbuhay, Paghihikayat ng Islam atc…. Sa mga salita naman ay kagaya ng panalangin, pagtuturo tungo sa kabutihan, pagbibigay ng payo , pagbati etc... Samakatuwid, ang pagsamba ay hindi lang paltikular sa pagdarasal o pagpasok sa mosque para magdasal.

Ang katagang Ibadah "pagsamba" ay hinango mula sa salitang arabik na **Ab'd**. na ang kahulugan ay alipin. Ibig sabihin ang pinaka diwa ng pagsamba ay pagpapaalipin sa Allah o di kaya ay pagsunod sa utos ng Allah. Kung ang isang tao ay nananatiling gumagawa at kumikilos ayon sa ipinag-uutos ng kanyang panginoong Dios, ito ay tinatawag na pagsamba. Sa kabilang dako, kung ang isang tao na naglilingkod sa kaninuman at tumatanggap ng sahod, nguni't siya ay hindi ganap na sumusunod sa kanyang pinaglilingkuran, ito ay tinatawag na pagsuway na ang katumbas ay walang katapatan. Ang isang alipin ay nararapat na isaalang-alang ang kanyang gawa at kilos para sa kanyang Panginoong Dios. Nararapat din niyang ganap na mauunawaan ang kanyang tungkulin bilang alipin. Ang unang tungkulin ng isang alipin ay ang pagiging matapat sa kanyang pinaglilingkuran. Ang tao bilang alipin ng Allah ay matatag na nananalig at naniniwala na walang dapat bigyan ng tunay at ganap na katapatan kundi ang Kanyang Tagapaglikha. Ang pagsasaalang-alang niya sa Allah bilang Panginoong Dios ay nananatili sa kanyang isip at puso. Ang isang alipin ng Allah ay nananatiling alipin sa lahat ng oras, panahon at sa lahat ng pagkakataon. Wala siyang anumang karapatang magsabi na siya ay sumusunod sa isang partikular na kautusan at hindi sumusunod sa ibang kautusan. Hindi siya alipin sa isang takdang panahon lamang at malaya sa kanyang tungkulin sa ibang panahon. Siya ay mananatiling alipin magpakailanman, kaya, kailangan ay maisakatuparan ang mga tungkulin sa Allah sa abot ng makakaya.

Ito ang mga pangangailangan na siyang binubuo ng Ibadah;
- a- Ang katapatan sa kanyang Panginoon Dios.
- b- Pagkamasunurin at pagtalima ng buong puso.
- c- Palagiang pagdakila (o pasasalamat) sa Dios.

**<u>Ang dalawang kondisyon upang tatanggapin ang pagsamba;</u>**

1- **Al Ikhlas :** Ang Kahulugan ng 'Ikhlas': Ay bukal sa loob na para sa Allah. Sa malawak Ang hangarin o layunin ng tao sa lahat ng uri ng pagsamba lantad man o lihim ay para lamang sa Allah na walang hinahangad na makamundong bagay o papuri mula sa mga tao.

At sinabi ng ibang Pantas ng Islam: Ang Ikhlas: ay ang hindi paghangad nang iyong gawain ay may magsasaksi nito maliban sa Allah at walang magbibigay gantimpala nito maliban sa kanya lamang.

Samakatuwid, nararapat lamang para sa lahat ng gawaing pagsamba sa Allah ay malayo sa anumang pagkukunwari o pakitang tao. Sinabi ng Allah: [Matinding kaparusahan at kapahamakan sa mga yaong nagsasagawa ng 'Salah' dasal nang may pagkukunwari na wala sa pagiging taimtim nito, na hindi nila ito ginagawa sa tamang kaparaanan, Sila ang mga yaong nagsasagawa ng kabutihan nang lantaran para lamang makita ng tao].107:4

Ang paghahanap ng kaalman ay kabilang sa pagsamba, Subalit, kung ang layunin ng tao sa kanyang paghahanap ng kaalaman ay para lang sa makamundong hangarin ay lalo pa niya itong ikakapahamak, Sinabi Propeta: [kung sinuman ang nagsaliksik ng kaalaman na walang ibang hangarin maliban na makamit ang kaluguran ng Allah, subalit sa bandanghuli ay ginamit lamang niya ito upang magkaroon ng ilang makamundong pakinabang,tunay na hindi niya malalanghap ang amoy ng Paraiso sa araw ng Paghuhukom].

Napaka halaga ang pagkakaroon ng tamang layunin sa anumang gawain, sapagkat batay sa sinabi ng Propeta (saw) lahat ng gawain ay tunay na nakasalalay lamang sa kung ano ang nasa intension ng tao.

2- **Al-Mutaba'ah (Pagsunod sa Sunnah:** Ang pagsamba ay dapat naayon sa turo ni Propeta Muhammad (saw). Hindi ito maaaring gawin base sa sariling imahinasyon o mga makabagong gawa na walang batayan sa relihiyon.

Hindi sapat ang maniwala lamang sa Allah kung itatakwil naman ang kanyang sugo, Ang sugo ng Allah ay siya ang taga paghayag ng kautusan at huwaran sa larangan ng pagsamba sa Allah, kahit gaano pa katalino ang tao kailanman ay hindi niya masasamba ang Allah sa tamang paraan na mula lamang sa sarili niyang mga kaparaanan, kaya, kailangan ang pagsunod sa aral ng sugo ng Allah, Sinabi ng Allah :[Sinuman ang sumunod sa Sugong na si Propeta Muhammad at isasagawa ang kanyang katuruan, katiyakang sinunod niya ang Allah].

Anuman ang ipinarating ng Sugo ng Allah tungkol sa mga pamantayan sa pagsamba ay hindi maaring bawasan o dagdagan dahil mawawalaan din ng saysay. Sinabi ng Propeta : [Sinuman ang gumawa ng bagong gawain sa ating relihiyon na hindi kabilang dito, tunay na ito ay hindi katanggap-tanggap at hindi tatanggapin ng Allah].

Sa iba pang pagsasalaysay: "Sinuman ang gumawa ng mga makabagong gawain sa pananampalataya kahit ito ay hindi nagmula mismo sa kanya at ito ay ginaya lamang niya sa iba na hindi rin kabilang sa itinagubing ng Propeta ay hindi tatanggapin".

Samakatuwid, itong nabanggit na dalawang kondisyon [Ang Ikhlas "bukal sa loob na pagsamba na para lamang sa Allah] at [Muaba'ah " pagsunod sa Sunnah ng Propet] ay napakahalaga, Kahit bukal pa sa loob mo ang ginawang pagsamba na para lamang sa Allah, subalit ang paraan ng ginawa mong pagsamba ay hindi naman naka sunod sa paraang itinagubilin ng propeta ay wala ring saysay, Kung naka sunod naman sa paraang itinagubilin ng Propeta subalit hindi naman bukal sa loob na para sa Allah kundi pakitangtao tao at pagkukunwari lamang ay wala ring saysay.

Ang panalangin, pagdakila, pasasalamat at pag ala ala sa Dios ay kbilang sa mga pagsamba, Mayroong mga tao na panay ang kanilang panalangin at pasasalmat sa Dios maging sa kanilang pag umpisang matulog at pag-gising, gayundin tuwing bago kumain at pagkatapos kumain etc… subalit ang tanong.! Kanino nila pinatutungkol ang kanilang panalangin at pasasalamat...? Kung ito ay para sa Allah ay maituturing na pagsamba, subalit, kung ito para sa ibang mga nilikha ng Allah ay walang saysay at kapahamakan.

## نواقض الإسلام
## Mga makapagpawalang-bisa ng Islam.

Ang ibig sabihin ng makapagpawalang-bisa ng Islam ay yung isang muslim na tao ay nawawala siya sa pananampalatayang Islam ng may kadahilanan .. May mga gawain na mayroon naka takdang mga kondisyon bago ito isasagawa, katulad halimba na pagdarasal 'salah', hindi pweding magdasal ang tao kung hindi siya maka paghugas (wudhu), at kapag siya ay naka paghugas, ay maaaring mawawalan ng bisa o saysay ang kanyang ginawang paghugas, halimabawa siya ay umihi o dumumi etc. kaya hindi na siya maaaring magdasal maliban kung maghugas ulit… Ganyan din ang pagiging muslim, Ang pinakalubhang mapanganib at pinakamadalas maganap sa mga nakakasira sa pagka-muslim ay natutuon sa sampung bagay:

1) Ang pagtatakda ng katambal sa pagsamba sa Allah sa pagsamba.
Ayon sa banal na Qur'an: {Katotohanang hindi patatawarin ng Allah ang kasalanang bigyan Siya ng katambal, ngunit Kanyang patatawarin ang anumang (kasalanang) bukod dito, sa kaninumang loobin Niya}. 4:116
Sa ibang talata: [Tunay na ang sinumang nagtatambal sa Allah ay ipinagkait na ng Allah sa kanya ang Paraiso at ang magiging hantungan niya ay ang Apoy (Impiyerno). At ang mga mapaggawa ng kamalian ay hindi magkakaroon ng anumang mga tagatulong].5:72
At bahagi din ng Shirk (pagtatambal) paghingi ng tulong sa mga patay, pamamanata sa kanila, at pag-aalay ng hayop para sa kanila etc.
2) Ang sinumang gumawa ng mga tagapamagitan, na silang mamagitan sa kanya at sa Allah, at kanyang hihilingan ang mga ito, at kanyang inaasam-asam na sa kanila ay mamamagitan, at sa kanila siya ay nakikipagsapalaran. Sa katunayan, siya ay isang Kafir o (tumiwalag sa pananampalatayang Islam).
3) Ang sinumang hindi pinaniniwalaan ang kawalang pananampalataya ng mga Mushrik (mga sumasamba ng dios-diosan), o nag-aalinlangan sa di-pagsampalataya nila, o pinaniniwalan ang kanilang mga doktrina, ay nagiging Kafir na (tumiwalag sa pananampalatayang Islam).
4) Ang sinumang naniniwala na ang patnubay ng iba ay higit na ganap kaysa sa patnubay ng Sugo ng Allah, o ang hatol ng iba pa sa kanya ay higit na magaling at mas Mabuti kaysa sa hatol niya, katulad ng mga yaong mas higit na naiibigan ang hatol ng mga Thagoot (mga nagmamataas, mga pinunong lumalabag sa batas ng Allah atbp.) kaysa sa hatol niya, siya ay nagiging Kafir na (tumiwalag sa pananampalatayang Islam).
5) Ang sinumang nasusuklam sa anuman sa mga naiparating ng Sugo ng Allah, kahit pa ito'y kanyang ginagampanan, ay nagiging Kafir na. Batay sa sinabi ng Allah sa banal na Qur'an: {Iyon ay dahil sa tunay na kanilang kinamuhian ang anumang ibinaba ng Allah, kaya pinawalan Niya ng saysay ang kanilang mga gawa}. 47:9 -Katulad ng kalagayan ng mga taong Munafiq (mapangkunwari).
6) Ang sinumang nangutya sa anumang bagay sa relihiyon ng Sugo ng Allah, o sa paggawad niya ng gantimpala, o sa pagpataw niya ng kaparusahan, ay nagiging Kafir na (tumiwalag sa pananampalatayang Islam). Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah: {Sabihin mo O Muhammad! Kayo baga ay nangungutya sa Allah, sa Kanyang mga tanda at sa Kanyang Sugo? Huwag na kayong mangatuwiran. Katotohanang kayo ngayon ay tumiwalag na sa pananampalatayang Islam pagkatapos ninyong sumampalataya}. 9:65-66
7) Ang karunungang itim (salamangka), kabilang na rin dito ang panggagaway at panggagayuma. Kaya ang sinumang gumawa nito, o malugod dito, siya ay naging Kafir na (tumiwalag sa pananampalatayang Islam). Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah: {Walang iba kundi ang mga satanas ang tunay na lumabag sa kautusan ng Allah noong itinuro nila sa mga tao ang 'Sihr' (salamangka) upang masira ang kanilang pananampalataya. At ganoon din, ang mga Hudyo ay sinunod nila ang 'Sihr'(salamangka) na ibinaba sa dalawang anghel na sina 'Harut' at 'Marut' bilang pagsubok mula sa Allah para sa Kanyang mga alipin, hindi ito itinuturo ng dalawang anghel kaninuman nang hindi sila nagbibigay ng payo at babala mula sa pag-aaral

ng 'Sihr,'(salamangka) na sinasabi nilang dalawa: "Huwag kang lumabag sa kagustuhan ng Allah sa pamamagitan ng pag-aaral ng 'Sihr' (salamangka) at pagsunod sa mga Satanas]. 2:102

8) Ang pakipagtulongan sa mga Mushrik (mapagtambal sa Allah) laban sa mga Mananampalatyayang muslim. Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah: {At sinuman sa inyo ang magtalaga sa kanila bilang katulong, tagapangasiwa atbp., tunay na siya ay mapabibilang sa kanila. Katotohanang ang Allah ay hindi nagpapatnubay sa mga taong mapaggawa ng kamalian}. 5:51
9) Ang sinumang maniwala na may mga piling tao, na maaring lumabas sa batas ni Propeta Muhammad (saw), ay naging Kafir na (tumiwalag sa pananampalatayang Islam). Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah: {Ang sinumang maghangad ng iba pang relihiyon bukod sa Islam. Kailanman ay hindi iyon matatanggap sa kanya, at siya sa kabilang buhay ay mapabibilang sa mga talunan}. 3:85
10) Ang pagtanggi sa relihiyon ng Allah, at hindi niya ito pinag-aaralan, at hindi rin niya ito isinasagawa. Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah: {At sino pa ang higit na lumalabag sa katarungan kaysa sa kanya na pinaalalahanan tungkol sa mga tanda ng kanyang Panginoon, at pagkatapos ay tinanggihan pa niya ang mga ito. Tunay na Kami ang maghihiganti sa mga salarin at mapaggawa ng masama}. 32:22

Wala naman masama kung sakaling mangyari sa isan taongg muslim ang alinman sa mga nabanggit na makapagpapawala-bisa ng pagka-muslim kung siya ay nasa kalagayang pinilit at kaya niyang nagawa ang ilang sa mga bagay na ito alang alang sa kanyang buhay. Batay sa sinabi ng Allah: {Maliban sa sinumang pinilit, habang ang kanyang puso ay panatag sa pananampalatayang Islam}. 16:106

Ang lahat ng ito ay lubhang mapanganib at madalas mangyari. Kaya dapat lamang sa isang Muslim na kanyang pangilagan ang mga ito, at iwasan para sa kanyang sarili at pananampalataya, sadyang napakaraming mga Munafiq (mapagkunwari) ang mayroong ganitong paniniwala, at kahit man sila'y makaliligtas sa kaparusahan sa mundo dahil sa kanilang pagpapanggap bilang mga kaanib ng Islam, sila'y maluluklok din sa kabilang buhay sa pinakailalim na lugar sa impeyernong apoy.

---

## دين الأنبياء عليهم السلام
## Relihion ng mga Propeta ng Allah

Lahat ng mga Propeta at Sugo ng Dios (Allah) ay mga totoong tao na kanyang nilikha. Sila ay pinili ng Allah bilang mga sugo mula sa hanay ng mga tao, Sila ay mararangal na mga alipin ng Allah, mayroon silang matinding mga obligasyon na kanilang ginagampanan, tulad ng pagpapahayag ng mga mensahi ng Allah sa mga tao, at tungkulin din nilang sumamaba sa dakilang Allah, sapagkat sila ay mga tao na saklaw ng kautusan ng Allah, Sinabi ng Allah: [ Walang dahilan kung bakit ko nilikha ang tao at jin maliban na sambahin ako]. Ang pagkakatalaga sa mga Propeta bilang mga sugo ay hindi ito nagmula sa kanilang sariling kagustuhan o ng mga taong kanilang nasasakupan, bagkus ang Allah mismo ang nagpasya na pumili sa kanila, Ayon sa banal na Qur'an, ito ang sinabi: [Ang Allah ang pumili mula sa kanyang mga Anghel na mga sugo tungo sa kanyang mga Propeta, at siya rin ang pumili mula sa mga tao bilang kanyang mga Propeta at Sugo.].

Tayo ay nilikha ng Allah sa pinaka mataas na antas at hindi niya tayo pinabayaan, pinatira niya tayo sa mundong ito, at pinagkalooban niya tayo ng mga kabuhayan na matatagpuan mula sa karagatan at kalupaan, Tungkol naman sa kung paano natin maisakatuparan ang tamang pagsamba sa kanya ay naghirang siya ng mga Propeta at Sugo bilang taga pagturo at taga paghatid ng minsahi niya, kaya hindi natin maaaring sabihin bilang pangangatuwiran sa huling araw na kaya hindi nating nagawa ang tungkulin para sa Allah dahil walang naka pagsabi sa atin. Sinabi ng Allah: [Iniisip ba ninyo, O kayong mga tao! na nilikha Namin kayo nang walang kadahilanan: walang kautusan, walang pagbabawal, walang gantimpala at walang kaparusahan, na kayo ay hindi na babalik pa sa Amin sa Araw ng Muling Pagkabuhay para sa paghuhukom at pagbabayad?]. Sinabi ng Allah [ Ang mga Sugo ay sila ang taga pagbigay ng balita tungkols sa mga gantimpala ng Allah at taga pagbabala tungkol sa mag kaparusahan, at para hindi maka pangangatuwiran ang mga tao sa harapan ng Allah sa huling araw na kaya hindi nila nasamba ang Allah dahil walang nag abiso sa knila..]. Ang tao ay hindi maaaring gumawa ng anumang uri ng pagsamba na mula lamang sa sarili niyang kaalaman, kundi anuman ang ipinarating ng sugo ay iyon lamang ang panghahawkan niya at ipapatupad niya, sapagkat sila ang nagsisilbing tagapaghatid ng mensahi ng Allah at huwaran sa larangan ng pagsamba sa Allah…

**Ang Relihion ng mga Propeta ng Allah:**
Lahat ng mga Propeta ng Allah, simula pa kay Propeta Adan na kauna-unahang taong nilikha at kauna-unahang Propeta hanggang sa pinakahuling Sugo na si Propeta Muhammad (saw) ay iisa lamang ang kanilang pananampalataya o relihion- ang **Islam**, ang ibig sabihin ng Islam ay ang pagpapasakop sa kagustuhan ng Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga ipinag-utos at pagwaksi sa kanyang mga ipinagbabawal. Ang pananampalatayang Islam ay ito rin ang ipinanghihikayat ng lahat ng mga Propeta sa kani-kanilang sambayanan sa kanilang kapanahunan. Ang Islam ay hindi ito itinatag ng sinumang Propeta sapagkat wala silang kalayaan at kakayahan na magtatag ng relihion, bagkus ang Islam ay mula sa Allah. Sinabi mula sa banal na Qur'an [Katotohanan, ang katanggap-tanggap na relihiyon para sa Allah ay ang Islam]. Sinabi ng Allah: [Sinuman ang umangkin ng relihiyon maliban sa Islam, ito ay kailanman ay hindi tatanggapin sa kanya, at sa huling araw, siya ay isa siya sa mga talunan..]. Ang mga talatang ito ay para sa pangkalahatang tao kabilang na diyan ang mga Propeta ng Allah sa bawat henesasyon, Ibig sabihin lahat ng Propeta ay islam ang kanilang relihion at tungkulin nilang sumamba sa Allah: Sinabi ng Allah: [At wala kaming ipinadala sa Sugo na nauna sayo O Muhammad kundi nagpahayag kami sa kanya, na walang sinuman ang may karapat-dapat na sambahin bukod pa sa akin, na kung kaya, ako lamang ang pag-uukulan ninyo ng taimtim na pagsamba].
**Ilan** sa mga katibayan, na Islam ang relihiong ipinagkaloob ng Allah simula pa noong sa panahun ng mga sinaunang Propeta hanggang sa pinakahuling Propeta na si Muhammad (saw) ay tulad ng mga sumusunod:

Sa panahon ng kauna-unahang tao at Propeta na si Propeta Adan (Adan) at ang kanyang asawa na si Eva ay nagkasala sa pamamagitan ng pag-kain nila ng bunga ng punong ipinagbabawal sa kanila na lumapit dito, sila ay nagbalikloob sa Allah na humingi ng kapatawaran, at pinatawad naman sila ng Allah. Ayon sa banal na Qur'an: [..Nakatanggap si Adan nang tuwirang kapahayagan na mga Insperasyon mula sa Allah bilang paraan ng pagsisisi at paghingi ng kapatawaran sa Kanya, Ito ang ibinigay ng Allah sa kanya na mga panalangin ayon sa Qur'an: [ O Aming panginoong "Allah" nadaya namin ang aming mga sarili sa pagkakasala, At kung hindi mo kami patatawarin sa aming pagkakasala ay mapabilang kami sa mga talunan, at pinatawad sila ng Allah, sapagkat ang Allah ay taga pagtanggap ng sa sinumang nagsisisi at humingi ng kapatawaran].

**Ganundin** sa dalawang magkapatid mula sa kanyang mga anak - si Cain at si Abel- Noong nag-alay ang bawat isa sa kanila para ihandog sa Allah, tinanggap ng Allah ang alay ni Abel dahil sa malinis ang kanyang kalooban, samantalang hindi tinanggap ang alay ni Cain dahil hindi malinis ang kalooban, sa kabila nito, kinamuhian ni Cain si Abel at kanyang sinabi; Papatayin kita! At tumugon si Abel; Ang tinatanggap ng Allah ay alay ng sinumang may takot sa kanya, Sinabi pa ni Abel bilang pagpapayo sa

kanyang Kapatid, ayon sa banal na Qur'an: [Kapag magbuhat ka ng kamay laban sa akin upang ako ay iyong patayin, kailanman ay hindi ako gaganti laban sa iyo, sapagkat ako ay natatakot sa Allah na Siyang taga pamahala ng lahat ng nilikha].

**Samakatuwid,** Sa kapanahunan ni **Adan** – na kauna-unahang tao at Propeta sa ibabaw ng lupa- at sa kanyang mga anak ay Islam na ang kanilang paniniwala na kumikilala sa nag-iisang Dios 'Allah', Ini-alay nila ang kanilang pagsamba, panalangin at handog para sa nag-iisang Dios, Kaya ang pananampalatayang Islam o pagpapasakop sa kagustuhan ng Allah ay hindi nababago hanggang sa kapanahunan ng p[inakahuling sugo na si Propeta Muhammad (saw).

**Tungkol** naman sa mga inapo ni Adan na kung saan, marami mula sa kanila ang hinirang ng Allah bilang mga Propeta at Sugo, kabilang na sa kanila si Propeta Noa, Sinabi ni Noa sa kanyang sambayanan ayon sa banal na Qur'an [Datapwa't kung kayo ay magsitalikod sa pagyakap sa Islam, kung gayon, walang kabayaran ang aking hinihiling sa Inyo, mula lamang sa Allah ang aking gantimpala, at ako'y pinag utusan upang maging isa sa mga Muslim 'Sumunod sa batas ng Allah'].

**Si Propeta Moises** ay tuwirang nagpahayag ang Allah sa kanya na Siya (Allah) lamang ang kanyang sasambahin. Sinabi ng Allah: [ At katiyakang pinili kita O Moises, para sa aking mensahe, na kung kaya, makinig ka sa aking ipapahayag sa iyo; Katotohanan, ako ang diyos -Allah, walang ibang Diyos na karapat-dapat na sambahin bukod pa sa akin, na kung kaya, Ako lamang ang sambahin mo, at isagawa mo ang pagdarasal "Salah" bilang papupuri at pagpapaalaala sa akin]. At hinikayat din ni Moises ang kanyang sambayanan; [O aking pamayanan! Kung kayo ay nagsisisampalataya sa Allah, kung gayon, lubusin ninyo ang pagtiwala sa kanya kung kayo ay mga tunay na mga Muslim 'tumatalima sa kalooban ng Allah', Sila ay nagsabi; Ibinigay namin ang aming pagtitiwala sa Allah.].

**Si Propeta Abraham** at ang kanyang apo na si Propeta Jacob, Ito ang sinabi mula sa banal na Qur'an: [Alalahanin mo O Muhammad si Abraham! Nang ang kanyang panginoon ay nagwika sa kanya; Isuko mo ang iyong kalooban sa akin, maging isang Muslim, si Abraham ay nagsab: Isinuko ko ang aking kalooban bilang isang Muslim sa panginoon na tagataguyod ng sanlibutan… Ipinagtagubilin din ni Abraham sa kanyang mga anak pagiging matatag sa Islam, Ganundin si Propeta Jacob, siya ay nagsabi: O aking mga anak! Si Allah ay humirang para sa Inyo ng tunay na pananampalataya "ang Islam", kaya't sana'y huwag ninyong hayaan na kayo ay pumanaw maliban sa katayuan ng Muslim]

**Si Propeta Eisa (Hesus)**, Ipinahayag ng Qur'an ang tungkol sa paghihikayat ni Hesus sa mga Israelita sa Islam. Sinabi niya: [Katotohanan! Si Allah ay aking panginoon at Inyong panginoon, kaya't tanging siya lamang ang Inyong sambahin, sapagkat Ito ang matuwid na landas, At nang mapag alaman ni Hesus ang kanilang kawalan ng pananampalataya, Siya ay nagsabi: Sino ba sa Inyo ang aking makakatulong sa kapakanan ng Allah? Nagsabi ang mga disipulo; Kami ang mga tatangkilik o mga katulong mo sa kapakanan ng Allah, Kami ay sumasampalataya sa Allah, at ikaw ay maging saksi na kami ay mga Muslim 'sumusunod sa utos ng Allah'].

**Ang kabuuan**; Lahat ng Propeta ng Allah ay mga muslim, kaya Islam ang kanilang relihiyon. Sila ay tagapaghatid ng mensahe ng Allah at sumamba rin sila sa Allah, ni isa mula sa kanila ay walang maituturing na Dios o anak ng Dios o taga pamagitan sa pagsamba sa Dios. Ang daan at katotohanan para sa kaligtasan mula sa impiyernong apoy ay sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang mga turo at aral, sapagkat kaya sila isinugo para magpahayag ng tamang daan at katotohanan para sa Allah.

**(33)**

## الصبر والابتلاء

## Ang pagtitiis at ang mga Pagsubok

Ang 'Sab'r' ay katagang arabik, na ang kahulugan ay pagtitiis /pagtitimpi /pagkontrol sa sarili, Ito ay isang mahalagang katangian na dapat taglayin ng isang Muslim. Ang kawalan nito ay nagdudulot ng mabilisang galit, padalos-dalos na pagpapasya, at kawalan ng kapanatagan sa puso. kung walang control ang tao sa kanyang srili, madaling maghusga ng hindi makatarungang sa iba, at minsan ay maghinala siya ng hindi Maganda sa Dios sa mga pagsubok na kanyang hinaharap.

Ang Pagtitiis ay nahahati sa tatlong pangunahing uri:

- Pagtitiis sa pagsunod sa mga ipinag-utos ng Allah: Kailangan ang pananatiling maging tapat sa mga obligasyon tulad ng pagdarasal at pag-aayuno at iba pa, kahit na ito ay nangangailangan ng sakripisyo.
- Pagtitiis sa pag-iwas sa mga ipinagbabawala ng Allah: Bilangi sang mananampalataya, napakahalaga ang pagpipigil sa sarili tungkol sa paggawa ng mga ipinagbabawal.
- Pagtitiis sa panahon ng pagsubok at trahedya: Ang tamang pagtitiis sa mga pagsubok ng Allah ay ang pagtanggap nito nang maluwag sa kalooban ang kapasyahan ni Allah at huwag maghinala ng masama sa Allah.

**Ang layunin ng Allah sa pagsubok:**

Ang pagsubok ng Allah ay bahagi ng panuntunan sa buhay upang subukin ang kanyang mga alipin na mayroon siyang dakilang layunin hinggil dito. Dalawa lamang ang uri ng tao patungkol sa pakikitungo sa Dios.

1) Ang taong may pananampalataya sa Allah.
2) Ang taong walang pananampalataya sa Allah.

Ang dalawang uri ng taong ito ay kapwa silang makakaranas ng pagsubok mula sa Allah.
Ilan sa mga layunin ng pagsubok para sa taong sumasampalataya sa Allah ay:

- Upang patawarin ang kanyang kasalanan.
  Ang tao, minsan'y magkamali at magkasala, kaya ang mga pagsubok na dumarating sa kanya ay isa sa mga kaparaanan upang linisin mula sa mga pagkakasala sa pamamagitan ng tamang pagtitimpi sa sarili. Sinabi ng Propeta (saw): [Walang dinaranas ng isang Muslim na pagod, karamdaman, kalungkutan, o kahit siya ay natusok ng tinik, maliban na ang Allah ay nag-aalis ng kanyang mga kasalanan.]

Ang pagsubok ay habag at tanda ng pagmamahal ng Allah para mga mananampalataya . Sinabi ng Propeta (saw):[ Kapag minahal ng Allah ang kanyang lingkod ay susubukin niya ].

- Upang hubugin at patatagin ang kanyang puso.
  Ang tunay na pananampalataya ay hindi lamang sa mga oras ng kaginhawahan nasusukat, kundi pati sa gitna ng hirap at pagsubok. Sa pamamagitan ng pagsubok ay dito malalaman kung sino ang matatag sa kanyang paniniwala at kung sino ang bumibitiw sa pananampalataya sa Allah.

Ang pagsubok ay hindi lamang sa pamamagitan ng mga kahirapan, kalamidad, pagkawala ng buhay etc… Mayroong pagsubok na Mabuti sinabi ng Allah: [At ang pananatili rito sa daigdig ay pagsubok sa pamamagitan ng iba't ibang situwasyon, may mabuting pagsubok at may masama …]. Ang mabuting pagsubok ay tulad ng kaginhawahan at kaluwagan ng sitwasyon ng buhgay, kalusugan, kayamanan at mga biyaya, ito ay upang malaman kung matutupad ba ang tunay na pasasalamat sa Allah, at magagamit ba sa tama ang kayamanan ipinagkaloob, at hindi makakalimot sa kanyang

tungkulin sa Allah...? …. Minsan ang tao ay kapag medyo nakaka-anagt na ang kanyang buhay dahil sa ipinagkaloob sa kanya na yaman at mga anak etc. ay nakakalimot na sa kanyang tungkulin sa Allah.

**Ila sa mga layunin ng pagsubok sa mga hindi mananampalataya:**

- Isang uri ng makamundong parusa na bukod pa dito ang parusa sa huling araw, Sinabi ng Allah. [At ipatitikim Namin sa kanila na mga walang pananampalataya ang may kagaanan na parusa rito sa daigdig na tulad ng mga sakuna at kalamidad bago ang matinding kaparusahan sa Kabilang-Buhay].
- Isang babala. Ang mga pagsubok sa kanila ay hindi tanda ng pagmamahal o pagbubura ng kasalanan na tulad ng pagsubok sa mga mananampalataya, hangg't hindi sila sumampalataya sa Allah at sumamba sa kanya ay hindi magkakaroon ng gantimpala para sa kanila ang mga pagsubok gayundin sa kabilang buhay.
- Nagsisilbing paala ala at paghihikayat sa kaila tungo sa pagbabalikloob sa Allah o pagtanggap sa Islam "*ang pagsamba sa iisang Dios*". Sa mga pagsubok, minsan'y dito maunawaan ng tao ang kanyang kahinaan bilang alipin ng Allah na kung saan, kapag siya ay nasa matinding kagipitan ay wala na siyang alam na tatawagin kundi ang Dios, kaya ang pagsubok sa kanya ay isang pagkakataon o oprtunidad para magising sa katotohanan at magbalikloob sa Allah.

**Ilan sa mga hakbang na dapat gawin tungkol sa pagsubok:**

- Magtiwala sa Alla: Pairalin ang magandang hinala sa Allah na ang lahat ng pagsubok ay may dakilang layunin ng Allah, kaya huwag maghinala ng masama sa Allah.
- Manalangin ng taimtim: Humingi ng gabay, kapayapaan, at lakas, maging sa pamamagitan pagkatapos ng bulontaryong dasal "sunnah" o sa oblegadong dasal.
- Magpasalamat: Ipagpasalamat ang mga natitirang biyaya sa kabila ng pagsubok upang malayo sa kawalan ng pag-asa.
- Magkawanggawa: Ang pagtulong sa iba kung may kakayahan, lalo na sa mga higit na nangangailangan, ay nakapagpapababa ng sariling kabalisahan at nagdadala ng mga biyaya.
- Manatiling Mapagpasensya sa, at alalahanin lahat ng nangyari & mangyayari ay mula sa Allah na myrun siyang dakilang layunin, sa panahon ng mga pagsubok at trahedya, dapat tayong manatiling matiyaga. Gaya ng sabi ni Allay: [Na, kapag dinapuan ng pagsubok, ay magsabi ng: (Inna Lillaahi wa inna ilayhi raaji'oun) 'Tunay, na tayo ay pag-aari ng Allah at, sa Kanya rin tayo babalik.'.

## (35)

## وسـائل الثبات
## Mga paraan sa pagpapakatatag

Para sa isang Muslim, napakahalaga ang pagiging matatag lalo na sa pagpapatupad ng mga tungkulin para sa Allah at sa hinaharap na mga pagsubok sa buhay. Ilan sa mga Pamamaraan sa Pagpapakatatag ay tulad ng mga sumusunod:

1) **Ang Pagdulog sa Qur'an**.

Ang Qur'an ay ang unang paraan sa pagpapakatatag. Ang sinumang kumakapit dito sa pamamagitan ng paniniwala at pagsunod sa mga kautusan naka saad dito ay pangangalagaan siya ng Allah; Ang sinumang ipangaral niya ito ay papatnubayan siya sa tuwid na landas. Nabanggit ng Allah na ang dahilan kung kaya ibinaba ang Qur'an nang unti-unti at baha-bahagi ay ang pagpapatatag nito sa isip.

Sinabi niya ito bilang tugon sa maling akala ng mga tumatangging sumampalataya: [At sinabi ng mga yaong di-naniniwala: "Bakit hindi na lang ipinahayag nang minsanan ang Dakilang Qur'an kay Muhammad na "katulad ng mga naunanag aklat?"  Sinabi ng Allah: "[Ganoon Namin ipinahayag sa iyo, O Muhammad, ang Dakilang Qur'an nang hindi minsanan (baha-bahagi); upang patatagin ang iyong puso at upang maragdagan ang iyong kapanatagan na maintindihan at makakayanan mong sundin, at ito ay Aming ipinahayag sa iyo nang pakaunti-kaunti].  25:32

2) **Ang pagkakaroon ng Kaalaman.**

Ang naglalakad nang walang kaalaman ay tulad ng naglalakad sa dilim, at ang naglalakad sa dilim ay nasasadlak sa mga kapinsalaan at baka masugatan pa sa daan nang hindi niya nararamdaman. Ganoon din ang kumikilos nang walang kaalaman,madali siyang masasadlak sa mga tukso, mga maling akala. Hindi maiiwasan ng naghahanap ng kaalaman tungkol sa Islam na isaalang-alang Ang wagas na pag-uukol ng layunin kay Allah Na lalayunin sa paghahanap ng kaalaman ang pagpawi ng kamangmangan sa sarili, sa sambayanang Muslim, sa Batas ng Islam at pagtatanggol dito .

**3) Ang Pananatili sa Patakaran ni Allah.**

Ang pananatili sa tamang landas ng Allah at Matuwid na Gawa ay isang daan tungo sa pagpapatag ng kalooban. Sinabi ni Allah: [Pinatatatag ng Allah ang mga yaong naniwala sa pamamagitan ng matibay na salitang katotohanan, na ito ay ang pagtestigo na " *walang totoong diyos na sinasamba kundi ang Allah lamang, at walang pag-aalinlangang si Muhammad ay Sugo ng Allah*"  na ito ay patatatagin sila ng Allah dito sa buhay sa daigdig, at sa oras ng kanilang kamatayan sa pamamagitan ng mabuting pagtatapos, at ganoon din sa libingan ay gagabayan sila ng tamang pagsagot sa katanungan ng dalawang anghel sa loob ng libingan. …].  14:27

**4) Ang pagninilay-nilay sa kasaysayan ng mga Propeta.**

Ang pag-aaral sa kasayssayan ng mga Propeta ng Allah at sa mga naunang tao na sumunod sa mga Propeta upang tularan ay napakahalaga bilang pamantayan at huwaran sa pagpapatibay ng loob. Sinabi ng Allah: [ At ang lahat ng Aming isinalaysay sa iyo, O Muhammad, na mga kuwento na mula sa mga nangyari sa mga Sugo na nauna sa iyo at sa lahat ng kakailanganin mo na magpapatatag ng iyong kalooban, ay upang maisakatapuran ang pagpapalaganap ng mensahe, at katiyakan, dumating sa  iyo, sa kabanatang ito na kinapapalooban ng mga pagsasalaysay at mga kuwento bilang paglilinaw sa katotohanan na kinaroroonan mo, at dumating pa rin sa iyo, rito sa kabanatang ito, ang pagpapapayo upang balaan ang mga walang pananampalataya at mga paalaala upang mapaalalahanan ang mga naniniwala sa Allah at sa Kanyang mga Sugo.]11:120

5) **Ang pag alay ng mga panalangin**.

Kabilang sa mga katangian ng mga lingkod ng Allah na mananampalataya, sila ay bumabaling kay Allah nang may dalangin na patatagin niya sila. Ang panalangin ay kabilang sa napakamahalagang mga dahilan ng pagtamo ng katatagan.  Ang ilan sa mga panalangin ay ang sumusunod:

- [**Rabbana la tuzig Qulubana ba‘da idh hadaytana** -O aming panginoong Dios! Huwag Mo pong palihisin ang mga puso namin matapos mo kaming patnubayan].
- [**Rabbana afrigh alayna sabra, wa thabbit aqdamana-** O aming Panginoon Dios! Pagkalooban Mo po kami ng tiyaga sa pagtitiis at patatagin Mo po ang mga paninindigan namin].
- Ang Sugo ng Allah ay madalas niyang binibigkas ang ganito sa panalangin niya: **[Ya muqallibal qulob thabbit Qalbi -** O Allah! na Tagapagbago ng pasya ng mga puso, patatagin Mo po ang pananatili ng puso ko sa relihiyon mo].

6) **Ang pakikiisa sa mga taong maaring magpapatatag sa pananampalataya**.

Dapat lamang na piliin ang sinumang maging kaibigan, Ilan sa mga uri ng mga tao ay katulad ng ibinalita sa atin ng Propeta (saw) sinabi niya: [Tunay na mayroon mula sa mga tao na nagsisilbing mga susi ng kabutihan at mga kandado ng kasamaan] ….. Ang paghahanap ng mga maalam sa Islam, mga kapatid na nagpapayo at pakikiisa sa kanila ay isa sa mga paraan tungo sa pagpapakatatag. Kaya, ang Muslim ay parang salamin ng kanyang kapawa muslim, na sumasalamin sa kanyang sariling pagkatao, Ang tunay na mananampalataya ay kapatid ng kapwa mananampalataya, pinoprotektahan siya mula sa anumang pagkaligaw at kapahamakan.

**7) Pag-aalaala sa kamatayn at sa huling araw.**

Alalahanin ntin na ang buhay dito sa mundo ay pansamantala lamang, sa huling araw ay malinaw ayon sa katuruan ng Islam ay kaginhawahan sa Paraiso at pagdurusa sa Impiyerno. Ang Paraiso ay lugar ng pagsasaya, hantungan ng mga mananampalataya, samantala,m ang impiyerno naman ay hantungan ng mga walang pananampalataya. Ang pag-ala ala ng isang muslim sa kamatayan ay nagsisilbing pampigil sa kanya na lampasan ang mga hangganan ng mga ipinagbawal, kaya hindi niya lalabagin ang mga ito. Ito ay dahil kapag nalaman niya na ang oras ng kamatayan niya ay maaaring ilang sandali na lamang, papaano pa niyang hahayaan ang sarili niya na magpatuloy sa kabaluktutan. Sinabi ng Propeta (saw): [ Dalasan ninyo ang pag-ala ala sa kamatayan na tagapagtigil ng kasiyahan].

8) **Ang pananalig o pagtiwala sa Allah.**

Ang pananalig sa Allah "Tawakkul" o pagpapaubaya sa kanya sa anumang mangyayari sa hinaharap ay isa yan sa mga katangian na dapat taglatyin ng isang muslim upang lalong tumibay at tumatag ang kanyang kalooban, at iyan din ang isang daan upang ipagkaloob ng Allah ang katatagan ng loob. Sinasabi ni Allah: [O kayong mga naniwala sa Allah at sumunod sa Kanyang Sugo, kung tutulungan ninyo ang ‘relihion’ ng Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan at pagpapalaganap nito, at pag-iwas sa kanyang mga ipinagbabawal, ay tutulungan kayo ng Allah, at patatatagin ang inyong mga paninindigan.]. Ilang sa kabutihan ng pagiging matatag ay magdudulot ng kapayapaan at hindi siya madadali ng mga pamamalakad ng mga taong hangad nilang iligaw ang tao tungo sa maling landas.

==========================================

**(37)**

## الهدف من الحياة
## Ang layunin ng Buhay

Minsan, mayroong mga tao na hindi niya nauunawaan kung ano ba ang layunin ng buhay? Pero kapag tinatanong mo kung bakit tayo kumakain?' Bakit tayo natutulog?' Bakit tayo naghahanap-buhay?' Ang mga sagot na ating maririnig sa katanungang ito ay pare-pareho tulad ng; Kaya ako kumakain para mabuhay, Natutulog ako para magpahinga, Naghahanap buhay ako para matustusan ang aking mga pangangailangan... Ngunit pagdating sa kung ano ang layunin ng buhay ay maraming nalilito dito, ang iba ay ang layunin ay para lamang magsaya, maghanapbuhay etc…

Bilang mga Muslim, naniniwala tayo na ang ating buhay at paninirahan sa mundong ito ay may malalim na layunin na ipinagkaloob sa atin ng Allah. Ang pinaka layunin ng ating buhay ay ang pagsamba sa Allah, magpasakop sa Kanyang kalooban, magkaroon ng malalim na koneksyon sa kanya, at sundin ang habilin ng Propeta Muhammad (saw).
Ang pagkakaroon natin dito sa mundo ay napaka halaga, Ang mga panahon, oras at araw ay napaka halaga sa buhay ng bawat isa, ito ay ipinahayag ng Allah sa lahat ng kanyang mga alipin sa pamamagitan ng talata mula sa Qur'an at gayundin sa Hadith ng Propet Muhammad (saw).

Kabilang sa mga paraan upang malalaman ang kahalagahan ng oras at buhay ay katulad ng pang-araw araw na pag-aalay ng pagdarasal na napaka halaga bilang layunin ng buhay, Ang araw araw na pagdarasal ay may natatanging oras. Tuwing paggising natin sa omaga alam natin na ang layunin ng ating buhay ay ipagdarasal ang Faj'r, at alam din natin na ilang oras na naman ay sasapit ang dasal ng Duh'r sa tanghali, at sa susunod na mga oras ay sasapit na naman ang dasal ng As'r sa hapon, pagkatapos nito ay susunod naman ang oras ng dasal ng Magrib sa paglubog ng araw, at pagkatapos ay sasapit na naman ang panibagong gabi, at kapag naka pagdasal na ng Eisha sa gabi alam antin na ang mga tungkulin sa lahat ng dumaan na mga oras sa loob ng isang araw na naka lipas ay natapos na, at haharapin na naman natin ang panibagong umaga o araw at oras.
Ganundin sa pagdaan ng mga araw, mayroong isang araw na tinaguriang mapagpalang araw sa loob ng isang lingo na ito ay ang araw ng Biyernes. Kapag dumating ang araw ng Biyernes alam natin na ang kahalagahan ng araw na ito para sa layunin ng ating buhay upang isagawa ang dasal ng Jum'ah, Sa paglipas ng araw ng Biyernes, ilang araw na naman ay sasapit ang panibagong Biyernes . Ganundin sa pagdaan ng mga buwan, Ang isang taon ay kinabibilanagn ng labingdalawang buwan, hindi pareparehas ang mga tungkulin ng pagsamaba sa Allah sa loob ng labingdalawang buwan, kapag sumapit ang buwan ng Ramadan, tayo ay nagsusumikap na maisagawa ang pag ayuno bilang tungkulin at layunin ng ating buhay, at kapag naka lipas ito, alam din natin na sa loob ng labing isang buwan ay sasapit na naman ang panibagong Ramadan…. Ganundin kapag dumating ang buwan ng Hajj, kaya ang may kakayahan ay nagsusumikap na maisakatuparan ang isa sa pinaka malaking uri ng pagsamba katulad ng pagsasagawa ng Hajj. Lahat ng mga nabanggit natin na ginagawa sa araw araw, buwan at taon ay iyan ang layunin ng buhay. Gamitin sa tamang paraan ang ipinagkaloob ng Allah na biyaya na ang hangarun ay para sa gantimpala sa muling pagkabuhay, at huwag lang kaligtaan ang bahagi dito sa mundo tulad ng legal na pagpapakasaya sa pamamagitang ng mga kinita na walang pagmamalabis.

Minsan ay repasuhin ang tungkol sa nakalipas na mga araw kung nagawa ba natin ang mga tungkulin sa Allah at layunin ng buhay o wala...? kung sa palagay natin ay hindi natin nagawa ang ating tungkulin sa Allah kung gayun hindi natin natupad ang layunin para sa ating buhay, Alalahanin natin na ang paglipas ng panahon, araw at oras ay ganundin ang paglipas ng bahagi ng ating buhay, ibig sabihin ay nababawasan ang mga araw ng pananatili natin dito mundo kasabay ng pagbabawas ng ating buhay…! Kaya, ang buhay at ang oras ay magkasama sa araw-araw, magtatapos ang panahon o oras natin dito sa mundo kapag binawian na tayo ng buhay, at maituturing na pumasok na tayo sa isang pintuan tungo sa panibagong buhay-ang buhay na walang hanggan sa huling araw-.

Ang pansamantalang buhay natin dito sa mundo ay para sa paghahanda ng matibay na baon sa ating paglalakbay patungo sa kabilangbuhay, Ang pinaka matibay ay magandang baon ay ang pagkatakot sa

Allah sa pamamagitan ng pagsamba sa kanya at pagwaksi sa mga ipinagbabawal niya na siya ang layunin ng ating buhay sa pang-araw araw… Subalit, Kung pinapabayaan natin na lumipas lamang ang oras o panahon na hindi natin nagawa ang ating mga tungkulin sa Allah, samakatuwid ay pinabayaan natin ang layunin para sa ating buhay dahil ipinahamak natin ang ating mga sariling buhay. Ang Allah ay nanunumpa sa panahon: [Ako "Allah" ay nanunumpa sa Panahon, Katotohanan! Ang mga tao ay nasa kawalaan o nasa talunan. Maliban sa mga sumasampalataya, at nagsisigawa ng mga kabutihan at nagbibigay ng katotohanang payo sa isa't isa, at nagtatagubilin at nagpapayuhan ng pagtitiyaga sa isa't isa].

---

## عقيدة المسلم في عيسى المسيح
## Paniniwala ng Muslim tungkol kay Hesus (saw)

Si Eisa (Hesus) ay isang tunay na tao na katulad din natin, ang pinagkaibahan lamang natin sa kanya ay kabilang siya sa mga pinili ng Allah bilang Propeta at Sugo, siya ay pinagkalooban ng Allah ng kapahayagan at isinugo sa Angkan ng Israel at pinangyari sa kanyang mga kamay ang mga kapangyarihan na ito yung tinatawag na himala mula sa Allah bilang tanda ng kanyang pagka Propeta at Sugo, at wala siyang anumang katangian mula sa mga partikular na katangian ng pagkapanginoon diyos. batay sa sinabi ng Allah: [Siya (Hesus) ay hindi humigit maliban sa isang alipin lamang na Aming pinagkalooban ng biyaya, at siya ay ginawa Namin bilang isang halimbawa sa Angkan ng Israel]. 43:59
At siya ay hindi nag-utos sa mga tao na ituring siya at ang kanyang ina bilang mga diyos bukod pa sa Allah, datapuwa't ang tanging sinabi niya sa kanila ay kung ano ang ipinag-utos sa kanya ng Allah: [Sambahin ninyo ang Allah, na aking Panginoon at inyong Panginoon]. 5:117.

Si Maryam na kanyang ina ay isang mabuting babae, matapat, masunurin, mapaglingkod sa kanyang Panginoong Dios, maalaga sa kanyang pagkababae, malinis na babae, birhen, at tunay na kanyang ipinagbuntis si Eisa (Hesus) na walang ama sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Allah….. Kaya ang mahimalang pagkakalikha ki Hesus ay palatandaan ng makapangyarihang Allah na kung anuman ang nais niyang gawin o likhain ay sasabihin lamang niya na mangyari ay talagangang mangyari, tulad ng pagkakalikha kay Adam (Adan) na walang ama at ina. Batay sa sinabi ng Allah: [Katiyakan, ang paglikha ng Allah kay Eisa (Hesus) na walang ama ay katulad ng paglikha ng Allah kay Adan (Adam) nang walang ama't ina. Dahil siya ay nilikha Niya mula sa alabok, pagkatapos sinabi sa kanya na maging tao at ito ay naging (o naganap na)] .

Samakatuwid, ay sa pamamagitan lamang ng salita ng Dios ay naganap ang isang Hesus, Na kung kaya, ang pag-angkin na si Hesus ay diyos na dapat sambahin o sinasamba, dahil sa siya ay nilikha na walang ama ay malaking pagkakamali at imbento lamang na pag-aangkin, sapagka't si Adan ay walang ama at ina; subali't, ang lahat ay nagkasundo na siya ay alipin din lamang na katulad ng ibang mga alipin ng Allah.
Katotohanang walang Sugo sa pagitan ni Hesus at si Muhammad, at tunay na siya ang nagbigay ng magandang balita tungkol sa huling Propeta na si Muhammad – Ayon sa sinabi ng Allah patungkol kay Hesus: [At alalahanin mo O Muhammad! nang si Hesus, na anak ni Maryam (Maria) ay nagsabi: "O Angkan ng Israel! Katotohanan, ako ay Sugo ng Allah na isinugo sa inyo, na nagpapatotoo sa Tawrat

(Torah) na nauna sa akin, at nagbibigay ng magandang balita tungkol sa isang Sugo na darating pagkatapos ko, ang kanyang pangalan ay Ahmad….]
Ang pangalang Ahmad ay kbilang sa mga pangalan ni Muhammad (saw). Si Hesus ay pinagkalooban ng Allah ng mga himala, tulad ng pagpapagaling sa may ketong, bulag at pagbuhay ng patay, at gayundin sa mga ibinabalita niya tungkol sa kung ano ang kinakain ng mga tao at kung ano ang kanilang itinatago sa kanilang mga tahanan, at lahat ng ito ay ayon sa kapahintulutan ng Allah at pinaniniwalaan ng lahat ng Muslim, sa katunayan, hindi magiging ganap na Muslim o mananampalataya ng isang tao hangga't hindi naniniwala at magmamahal kay Hesus na katulad din ng paniniwala sa ibang mga Sugo ng Allah.

### دعوة المسيح الى الإسلام (في القرآن والكتاب المقدس)
### Paghihikayat ni Hesus tungo sa pananampalatayang Islam.

Kung si Hesus ay hindi Kristiyanismo ang itinuro niyang pananampalataya ayon sa biblia, ano ang pananampalataya na kanyang kinabibilangan? Walang pag-aalinlangang, kung anumang pananampalataya ng mga dakilang Propeta at Sugo na lahi na kanyang pinagmulan, ay iyon din ang kanyang pananampalataya, maging ng kanyang Ina, dahil wala naman mababasa na si Maria na Nanay niya ay naging isang Kristiyana. Ang ilan sa mga talata, na nagsasaad kung ano talaga ang pananampalatayang itinuro mismo ni Hesus, ay tulad ng talatang matatagpuan sa Mateo 5:17-18: [Huwag ninyong isipin ako ay naparito upang sirain ang batas o ang mga Propeta, ako'y naparito hindi upang sirain kundi upang tuparin, sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, hanggang sa mangawala ang langit at lupa, ang isang kudlit o tuldok sa kautusan sa anumang kaparaanan ay hindi mawawala hanggang sa maganap ang lahat ng bagay.].
Malinaw na si Hesus ay nagmula sa lahi ni Propeta Abraham, na tinaguriang Ama ng mga Propeta o mananampalataya, Galacia 3:9 [ Sumampalataya si Abraham sa Dios at pinagpala siya. Kaya lahat ng sumasampalataya sa Dios ay pinagpapala rin tulad ni Abraham]. kung gayon, ang pananampalataya ni Propeta Abraham at ng mga dakilang Propeta at Sugo na lahi na kanyang pinagmulan ay iyon din ang pananampalatayang kanyang kinabibilangan. Sinabi ng Allah [Si Ibrahim '*Abraham' ay* hindi isang Hudyo ni Kristiyano, bagkus siya ay tunay na Muslim *"ang sumusunod sa kagustuhan ng Allah*" at hindi siya kabilang sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allah]. Qur'an 3:67
Ang pananampalataya ni Hesus ay ang Islam " ang pagsamba sa iisang Dios" na pananampalataya ng lahing kanyang pinagmulan, at iyon din ang kanyang isasakatuparan lamang at hindi niya ito babaguhin, sapagkat siya ang kabilang din sa mga sugo ng Allah.

<u>Tuklasin</u> naman natin ang Islam kung mayroon bang ipinahayag patungkol sa tunay na relihion ni Hesus, maging ang ibang mga Propeta at Sugo na lahi na kanyang pinagmulan…?
Sinabi ng Allah patungkil sa lahat ng Sugo: [ At wala Kaming ipinadala sa Sugo na nauna sa iyo, O Muhammad kundi nagpahayag Kami sa kanya, na katiyakang walang sinuman ang may karapat-dapat na sambahin bukod sa Akin, na kung kaya, ako lamang ang inyong sambahin.] Qur'an 21:25.

Ang daan na ito at katotohanan tungo sa tamang pamumuhay *(Relihion Islam)* ay siya rin ang daang tinahak ni Hesus, sapagkat siya ay kabilang sa mga Propeta at Sugo ng Allah, maging ang biblia ay nagpatunayn na siya ay sugo, ito ang sinabi: [Sumagot si Jesus, "Sa mga naliligaw na tupa ng sambahayan ng Israel lamang ako isinugo]. Mateo 15:24.
Kaya dahil sa siya ay sugo ay islam rin ang kanyang ipinangaral sa kanyang sambayanan noong kapanahunan niya, 'Ang pagsamba sa iisang Dios', Isinalaysay ng banal na Qur'an kung papaano hinikayat ni Hesus ang mga tao tungo sa pagsamba sa iisang Dios, sinabi niya: [ Katiyakan, ang Allah ay aking Dios at inyong Dios na tagapaglikha, na ako ay nanghihikayat sa inyo tungo sa Kanya; na kung kaya, sambahin ninyo Siya. Dahil ako at kayo ay pareho sa pagpapasakop sa kagustuhan niya, Ito ang Matuwid na Landas]. Qur'an 3:5.

Maging sa Biblia ay ganyan din ang sinabi ni Hesus: [Sumagot si Jesus;Ito ang pinaka mahalagang utos, Pakinggan mo, Israel! Ang Panginoon na ating Diyos-siya lamang ang Panginoon.]. Marcos 12:29 sa ibang talata Sinabi ni Hesus [ Ang panginoong Dios lamang ang dapat sambahin..]. Lucas 4:8

Sa totoo lang; Kung sinabi mismo ni Hesus na ang relihiyon o pananampalataya na kanyang itinuro ay kristiyanismo ay walang sinuman ang magtatangka na magtatayo o magtatag ng kanya-kaniyang sekta dahil marapat lamang na magkakaisa ang lahat ng tao sa isang relihion at katuruan.

---

### السـبع الموبقات
### Ang Mobiqat 'Pitong mabibigat o mortal na kasalanan'.

Mayroong mga mabibigat na kasalanan na nabanggit ng Propeta na dapat pakaiwasan, tulad ng mga sumusunod:

1. Pagtatambal sa Allah. (Shirk): Ang pagbibigay ng katangian o pagsamba sa iba bukod sa Allah, na pinakamabigat na kasalanan. Ang taong namanatay na siya ay nasa kalagayang pagsamba ng iba bukod sa Allah ay wala na siyang kaligtasan sa kabilang buhay, mananatili siya sa impiyernong apoy..
2. Pangkukulam (Sihr): Paggawa o pagpapagawa ng mahika at mga gawaing may kaugnayan sa mga demonyo o iba pang mga masasamang nilalang.
3. Hindi makatarungang pagpatay ng tao: Ang pagkitil sa buhay na ipinagbawal ng Allah. Sinabi ng Allah: […..Ang sinumang makapatay ng tao nang walang sapat na kadahilanan o di kaya'y magkakalat ng kasamaan sa kalupaan sa sa pamamagitan ng paghihimagsik laban sa batas ng Allah; ang katumbas nito ay para siyang pumatay ng lahat ng sangkatauhan dahil sa idudulot nitong malaking kaparusahan mula sa Allah….].
4. Pagkain ng Riba (Interes/tubo): Ang pagtanggap o pagbabayad ng patubo …Ilan sa mga kadahilanan ng kung bakit ipinagbabawal ang patubo ay:
   - Ipinagbabawal ng Allah: (haram) at kabilang sa mga mortal na kasalanan**.**
   - Pagsasamantala**:** Pinahihirapan nito ang mga taong nangangailangan ng pera sa pamamagitan ng pagpapatubo ng utang.
   - Epekto sa Lipunan**:** Sinisira nito ang pagtutulungan at nagdudulot ng inggit at galit sa pagitan ng mayaman at mahirap, dahil sa halip na matulongan ang mahirap ay lalo pang pinapahirapan….
5. Pagkain o pagkamkam ng yaman ng mga ulila ng illegal.
6. Pagtalikod sa larangan ng banal na digmaan para sa Islam ...
7. Paninirang-puri sa mga inosenteng kababaihan (Qadhf): Ang pagbibintang ng pangangalunya o imoralidad sa mga dalisay at matuwid na kababaihan nang walang sapat na katibayan.

---

**MARAMING SALAMAT.**